Pakikipagkaisa sa Diyos

Jeffersonville, IN
Pebrero 11, 1962

1 Salamat, Brother Ormand, pagpalain ka ng Panginoon. Magandang umaga, mga kaibigan. Mainam na maparitong muli sa Tabernakulo ngayong umaga. At nakatayo ako kanina roon at nakikinig habang papasok ako, at narinig ko nang ipangusap ang propesiya sa paraan ng pagsasalita ng ibang wika, na may kasamang pagpapaliwanag. At sinabi ko sa mga tao na punung-puno rin naman ang silid na iyon, kaya ang sabi ko, "Ewan ko; hindi ko pa nakakausap ang lalaking ito." Si Brother Higginbotham iyon, kung tama nag pagkakatukoy ko, matagal nang panahon kasi; maraming buwan na kasi mula nang huli ko siyang makamayan. Ngunit iyan nga ang ipapangusap ko, kung ano ang ipinangusap niya kaninang umaga, iyon na iyon ang ipangungusap ko. Hindi niya alam iyon. Kanina ko rin nga lang ito nalaman, kung ano ang ipapangusap ko. At iyon na nga iyon, ang sinabi niya kanina. Kaya't ikinagagalak nating malaman na nagkakatipon tayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at nakasilong tayo sa mapagkandili Niyang mga pakpak.

2 Ngayon, nakikita kong marami ang nakatayo, punung-puno ang lugar na ito at nagsisiksikan ang mga tao, at ayaw nating makita ang ganito. At sa lalong madalong panahon, babaguhin natin ito, palalakihin natin ang tabernakulo. Ngayon, nais ko munang mag-ulat muna sa Phoenix, sandali.

Narito ako nung Linggo ng gabi at nangaral ako sa paksang Komunyon bago tayo magdaos ng komunyon. Ang Komunyon ay hindi pagkain ng tinapay, ang kahulugan ng "commune" ay, "makipag-usap, makipag-ugnayan, makipag-usap sa iba."

At ngayon, sa umagang ito, kung medyo napapahaba ako, aba, makipagpalit na lang ako ng puwesto sa mga nakatayo, at pahahalagahan nila ito, paupuin n'yo sila sandali. Nag-aalala ako sa panahong ito na kinabubuhayan natin. Labis-labis ang aking pag-aalala. Kapag ganitong nakikita kong nangyayari ang mga bagay-bagay na nakikita kong nangyayari, may kung anong bagay sa kalooban ko na napupukaw. At nais ko sanang gugulin ang panahon ko at sikaping...

3 Para sa umagang ito, mangungusap ako tungkol sa paksang, "Pakikipagkaisa." At na—nais kong gugulin ang panahon ko upang sikaping...nang mailatag ko ito nang husto sa abot ng aking kakayanan. At hangad ko ang inyong panalangin yaman din lamang at nagkakatipon kayo.

At ngayon, nais kong bumuklat kayo, kung mayroon kayong Bibilia at nais ninyo akong sabayan sa pagbasa, dito muna sa Unang kabanata ng mga Hebreo. At nais kong basahin ang unang tatlong talata ng Unang kabanata ng Hebreo, at pagkatapos ay sa Genesis 1:26 at 27 para pagdugtungin natin ito. At walang taong makapagsasalita ng nararapat malibang tulungan siya ng Diyos na salitain ito. At iyan din ang diwa ng mensahe sa umagang ito, ang tungkol sa pagkakaisa ng bayan at ng Diyos.

Ngayon, sa Mga Hebreo, unang kabanata, ay ganito ang mababasa natin. At ngayon, dito sa Genesis sa—sa unang kabanata at sa talatang 27, ay ganito ang basa ko. At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Diyos, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayon ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.

At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.

4 Ngayon, magsiyuko tayo sandali habang tayo't nananalangin. At tiyak kong maraming mga kahilingan sa ganito karaming tao, kaya't marahil ay itaas na lamang natin ang ating kamay sa Diyos, sa mga may kahilingan, at hayaan nating sa pamamagitan nito ay maipahayag nating mayroon tayong nais maipanalangin. Ipagkaloob nawa ito ng Diyos sa bawat isa sa inyo.

Panginoon, nagkatipon kami sa silong ng bubong ng Tabernakulong ito, at nagpapasalamat kami na may bubong sa aming ulunan sa araw na ito, ngunit ang pagsasama-sama namin ay may higit na dakilang layunin kaysa rito. Nadarama naming dahil sa pangako ng Diyos ay nangagkatipon kami sa silong ng mga bagwis ng Makapangyarihan sa lahat. Na Siya, gaya ng isang inahing manok na lumilimlim sa kaniyang mga inakay, ipagsasanggalang Niya kami sa lahat ng bagay na nais naming kapangyarihan ng Espiritu Santo upang maihatid ang Salita ng Diyos sa isang bayang nagugutom. At upang lumisan kami ritong taglay ito sa aming mga bibig at sa aming mga puso, taglay ang sariwang pamahid na Langis nang sa gayon ay magawa naming sabihin sa iba ang tungkol sa araw na kinabibilangan namin, sampu ng kalagayan ng panahon. Diyos, lubusan po kaming nagtitiwala sa Iyo. Wala nang iba pang lugar na maaari kaming tunguhan. Katulad din ng nadama ni Pedro ang nadarama namin ngayon nang sabihin ni Jesus, "Aalis din ba kayo?"

At sabi niya, 'Panginoon, saan kami tutungo" Nasa Iyo lamang ang mga Salita ng Buhay na Walang Hanggan." At iyan ang dahilan kung bakit nagkakatipon kami sa Iyong Pangalan sa umagang ito, dahil nasa Iyo lamang ang mga Salita ng Buhay na Walang Hanggan. At dalangin naming gawin Mo itong

napakatotoo sa bawat isa sa amin sa araw na ito upang mag-alab ang mga puso namin sa aming kalooban, lumakas ang aming mga kaluluwa, magsigaling ang aming mga katawan, magsigaling ang aming mga diwa, malinis ang aming kaluluwa, na nilalang ng Diyos ayon sa kanyang kagustuhan para sa amin.

5 Ama, dalangin ko na bigyan Mo nawa ng kalakasan ang mga nangakatayo sa mga silid at sa mga dingding, at sa mga maliliit na silid at sa paligid. Dalangin ko na pagkalooban Mo sila ng kalakasan. At dahil alam naming itini-tape ito at makararating sa iba't-ibang bansa at sa mga lupain at angkan ng lupa, Diyos, lubos kaming nagtitiwala sa Iyo. Ipagkaloob Mo lamang sa amin ang kalakasan at ang—ang Salita at mga pagkapahid, upang ito'y umayon sa kalooban Mo sa oras na ito. Ipinagkakatiwala namin sa Iyo ngayon, ang aming pakikinig, ang aming tinig, ang aming atensiyon, lahat ng nasa amin ay ipinagkakatiwala namin sa Iyo, upang makakilos Ka sa amin. Gumawa Ka sa pamamagitan namin at ipamalas Mo ang Iyong dakilang Presensiya sa amin. Sapagka't hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

6 Ang salitang "oneness" (pagkakaisa) ay nangangahulugang "pakikipagkaisa: pagkakaisa, pinagkaisa." At ngayon, magandang paksa ito, at na—nararapat lang na bigyan ito ng higit na pansin kaysa sa kaya kong ibigay. Ngunit nais kong ihayag sa inyo ang aking palagay tungkol dito, at sa pamamagitan ng ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Ngayon, ito ay isang pagtuturo ng doktrina. At sa mga kapatirang makaririnig ng tape na ito, umaasa akong hindi ito makatitisod, kundi magbunsod nawa ito upang pagbulayan ninyo nang husto, pag-isipan pala ninyo, upang pag-aralan ninyo ito nang may kalakip na pananalangin, nang buong ingat, at timbangin n'yo ito sa timbangan ng Salita ng Diyos upang malaman ninyo kung sa Diyos ba ito o hindi.

Sapagkat sa paniwala ko ay ganiyan lagi ang dapat nating gawin: ang timbangin-timbangin natin ang mga bagay-bagay sa pamamagitan ng Salita, sapagkat tanging ang Salita lamang ang makapananatili. Ang sabi ni Jesus, "Langit at lupa'y lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas." Kaya't pinaniniwalaan natin Ito, pinaniniwalaan nating Ito nga ang palatuntunan ng Diyos. Naniniwala akong ito ang natapos nang gawa ng Diyos na naisulat sa Salita. Kaya nga, anumang bagay na sasalungat sa Salita, hindi maaaring sa Diyos iyon o palatuntunan iyon ng Diyos. Ang paniwala ko, Ito nga ang palatuntunan. Ngayon, ang Espiritu ng Diyos na nakapaloob sa Salita ang dahilan kaya nabubuhay ang Salita. Binibigyang-buhay Nito ang Salita tulad sa isang binhi.

7 Ngayon, ang unang lalaki at unang babae sa halamanan ng Eden ay dating kasundong-kasundo ng Diyos, hanggang sa nagagawa ng Diyos na bumaba anumang oras Niyang ibigin upang makipagusap nang bibig-sa-tainga kay Adan at Eva. At gayon na lamang ang pakikipagkasundo nila sa Diyos kaya't kaisa nila ang Diyos. Ang Diyos at ang Kaniyang pamilya ay iisa.

Ang lalaki at ang kaniyang pamilya, kung siya ay maayos, mabuti, kapitapitagan at nagsusunurang pamilya ay nagkakaisa: alin mang pamilya. Kung may anumang bagay sa pamilya na nagiging dahilan ng pagkakahiwalay nila, hindi iyon tama; may kung anong mali. Dapat ay nagkakaisa silang lahat: ang ama sa ina, ang ina sa ama, ang mga anak sa mga magulang, ang mga magulang sa mga anak, lahat dapat ay nagkakasundo. At kapag ganiyan ang nakikita ninyo, napakagandang larawan ang makikita ninyo.

8 Iyan ang layunin ng Diyos. At ang layunin Niya bilang kataas-taasang Ama ay ang maging kaisa ng Kaniyang pamilya, ang makalupa Niyang pamilya, sina Adan at Eva. At ang tanging paraan upang maging kaisa nila ang pamilya, ang Diyos, ay dahil nasa kanila ang kalikasan ng Diyos. Kaya nga dahil nasa kanila ang kalikasan ng Diyos, kung kaya't sa isa't-isa at sa Diyos ay nagkakaisa silang lahat. Hindi ba't napakagandang larawan niyan, ang Diyos na nasa Kaniyang pamilya, ang Ama na nakasasakop sa lahat, kataas-taasan, walang kamatayan, walang kalungkutan, walang sakit ng damdamin, walang kahit ano, maliban sa kagalakang di maipaliwanag; hindi nagkakasakit, hindi kailan man magkakaroon ng sama ng loob, sadyang kaisa ng Diyos. Ano'ng gandang larawan. Dahil ang mismong kalikasan ng Diyos ay nasa mga taong ito. Kaya nga nag ginawa nila, sumunod lang sila sa Diyos, at dahil kasama nila ang Diyos, iisa sila.

9 Ngayon, nanalangin si Jesus sa ika-17 kabanata ng Juan at sa ika-11 talata, para sa mga nagsusulat ng mga tekstong ito sa Sunday School. Marami ako nito sa umagang ito. Juan 17:11, nanalangin si Jesus na nawa ang iglesia at Siya ay maging isa kung paanong Siya at ang Ama ay iisa. Upang ang iglesia, tayo bilang mga bahagi ng Katawan ni Cristo, ay maging isa gaya ng pagiging isa Niya at ng Ama. At sa araw na iyon ay malalaman nating Siya ay nasa Ama—o ang Ama ay nasa Kaniya, at Siya ay nasa atin, at tayo'y magkakaisang lahat. Ano'ng gandang kaisahan, o pagkakaisa nito na makita ang Diyos sa Kaniyang iglesia, hanggang sa mga bawat kabahagi ay ganap ang pakikiisa sa isa't-isa at sa Diyos. Iyang ang iglesiang kukunin ni Jesus. Diyan na matutugon ang panalangin Niya, na tayo ay maging isa.

10 At ito lang ang tanging batayan ng pakikisama na inilatag ng Diyos para sa Sarili Niya at sa iglesia, ang pagiging isa Niya sa mga tao. Iyan lamang ang tanging batayan ng pakikisama. At ang tanging paraan upang mapasainyo ang mga batayang iyon ay sa pamamagitan ng pakikipag-isa upang makipagkaisa kayo sa Kaniya kailan pa man. Gaya ito ng pakikipag-isa mo sa asawa mo, para makipag-isa

ang babae sa asawa niya, ito'y isang pangakong hanggang kamatayan. Ngayon, kung gayon, kapag nakipag-isa ka sa Diyos, pareho rin iyan ng pakikipag-isa ng iglesia kay Cristo, ito'y hanggang paghiwalayin tayo ng kamatayan. At kung hindi ka magkakasala o gagawa ng anumang bagay na mali, magpakailan man ay mananatili kang kaisa ng Diyos. At kamatayan lamang ang maaaring magpahiwalay sa iyo sa Diyos, at hindi ang pisikal na kamatayan, kundi kasalanan ng kamatayan. Ang kasalanan ay kamatayan at iyan ang magpapalayo sa iyo sa piling ng Diyos. Kaya't ang makipag-isa sa Kaniya sa Espiritu ng Kaniyang kapangyarihan ay Buhay na Walang Hanggan; walang hanggan kang kaisa ng Diyos. Oh, kaisa kong dumako riyan mamaya. Walang hanggan pakikiisa sa Walang Hanggang Diyos, lubos Siyang kasundo, lubos na pinag-isa, isang iglesia kung saan ang lahat, kapuwa ang Diyos at ang Kaniyang iglesia ay iisa, sama-samang pinag-isa.

11 At kung papansinin ninyo kung papaanong naging kaisa ni Adan si Eva; naging bahagi niya siya. Ang Diyos, napansin ba ninyo sa Genesis 1:27, nilalang Niya ang tao na lalaki't babae, nilalang Niya silang gayon. Ngayon, ang lalaki ay ka—kapuwa lalaki't babae, pagdating sa pagiging espiritung pambabae at panlalaki. Pagkatapos ay humugot ang Diyos mula sa kaniyang tagiliran ng i—isang tadyang. Napansin ba ninyo na ang bahaging katawan ay ikalawang produkto, ngunit hindi ang espiritu? Ang bahaging katawan ng babae ay isang ikalawang produkto; nang matapos ang paglalang, hinugot ng Diyos mula sa tagiliran ni Adan ang isang tadyang at siya Niyang ginawang babae. Ngunit hindi ang espiritu, ang espiritu ay bahagi ni Adan, sapagkat kapuwa siya lalaki't babae, pamba - sa pananalitang espirituwal kapuwa siya lalaki at babae.

12 Ngayon, hindi ba ninyo nakikita ang dakilang larawan? Tayo, sa laman, ay magkaiba. Tayo'y parang ikalawang produkto, isang nilalang sa pamamagitan ng banal na kasalan. Ngunit sa Espiritu, tayo ay mga anak na lalaki't babae, hindi ibang espiritu, kundi Espiritu ng Diyos na buhay. Kawangis Niya tayo, nasa pakikiisa Niya, nasa sakdal na larawan ng Diyos na buhay, sapagkat tayo'y naging mga anak na lalaki't babae; hindi magkahiwalay, kundi iisang Espiritu, iisang Diyos, iisang Persona, pinag-isa ng kasal sa walang hanggan. Nakikita ba ninyo kung paanong nagplano ang Diyos upang tayo'y hindi maging iba, kundi maging Siya, hindi ibang nilalang o angkan, kundi isang tunay na kaisa at kalahi ng Makapangyarihan sa lahat na naging bunga ng isang banal na pakikipagkaisa. Ngayon, ang katawan ay nagmula sa ama't ina, ngunit ang Espiritu ay nagmula sa Diyos, pinaghahati ng Diyos ang Sarili Niya upang paanong nahati si Adan.

13 Noong araw ng Pentecostes ay makikita natin ang Espiritu Santo, ang Haliging Apoy, na nagkabaha-bahagi at pumatong sa bawat bahagi ng iglesiang iyon; binubuo ng Diyos ang Sarili Niya. At dahil nagkasama-sama ang lupon ng mga taong iyon, ano ang ginagawa nito? Ibinabalik nito ang pinagkaisang Katawan ng Panginoon Jesus. Nagsasama-sama...

At ngayon sa dakilang paghihiwalay na kinabubuhayan natin, ang mga makadenominasyong pagkakaiba-iba at mga bagay-bagay, ay kahabag-habag, kahiya-hiya.

14 Pinagkaisa sa isang makalangit na kasalan sa walang hanggang Diyos, bahagi Niya, bahagi ng Diyos ... Sa laman ay naging isa akong Branham dahil sa aking ama, Branham. Nagiging bahagi ka ng iyong ama't ina, ngunit ang espiritu, tayo ay nagiging... Kapag nakipag-isa ka sa Diyos ay bahagi ka ng Diyos... Iyan ang dahilan king bakit hindi maaaring mamatay ang espiritu. " Ang sumasampalataya sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan. At sa larawan niya rito sa ibabaw ng lupa, at sa kaniyang wangis, babangunin Ko siya sa mga huling araw." Hindi isang nilalang na espiritu, dahil magkakaroon tayo ng isang katawang gaya ng maluwalhating katawan ng Diyos, ang niluwalhating Katawan ng Panginoong Jesus, na ibinangon sa Larawang iyon.

15 Ang sabi ni Jesus nang magtungo Siya sa puntod ni Lazaro, "Ako ang Pagkabuhay na Maguli at ang Buhay. Ang sino mang sumasampalataya sa Akin, bagama't mamamatay siya, gayon ma'y mabubuhay siya. At sino mang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na mamamatay." Sumampalataya sa Akin (in Me), hindi sa Akin (on Me), kundi sa Akin (in Me)." Ang pananahan sa Kaniya, sumasampalataya. "Kung kayo'y sa Kaniya, sumasampalataya... Ay, naku. Umaasa akong ipauunawa iyan ng Espiritu Santo sa inyo.

Ngayon, kayo ang munting kawan; kaya nga sa linggong ito, nanalangin ako at humihiling ako sa Diyos, pinili ko ang tekstong ito upang ipakita sa inyo kung saan tayo nakatayo. Ang pagsampalataya sa Kaniya, hindi mo Siya magagawang sampalatayanan hangga't hindi ka pumapasok sa Kaniya, o hangga't hindi Siya pumapasok sa iyo, saka ka pa lang makapananampalataya sa Kaniya, at mayroon ka nang Buhay na Walang Hanggan. Sumasampalataya ka sa Kaniya hanggang sa tumanggap ka ng Buhay na Walang Hanggan, at ang Buhay na Walang Hanggan ay ang Buhay ng Diyos na nasa iyo kung nagkagayon ay sumasampalataya ka na sa Kaniya. "Kayo at nasa Akin, Ako ay nasa inyo, upang sila'y maging isa, Ama, kung paanong Ikaw at Ako ay iisa." Ang Diyos ay nakay Cristo, si Cristo ay nasa iglesia...Kita n'yo? "Kung paanong tayo ay Iisa, nawa'y magkaisa rin naman sila." Kung gayon ay paano nga ba kayong magiging isa? "Kung kayo'y mananatili sa Akin, ang Aking Salita ay mananatili sa inyo..." Kita n'yo, manatili..."Kung ang aking Salita ay nasa inyo, kung gayon ay hilingin ninyo ang nais ninyo."

Dahil hindi na kayo iyon, kundi ang Salitang nasa inyo, at ang Salita ay Diyos.

16 Ngayon, ang Salita ng Diyos ay isang Tabak. Iyan ang sabi ng ikaapat na kabanata ng Mga Taga-Hebreo, sa Hebreo 4:12. Ngayon, isa itong Tabak. At hindi kikilos ang Tabak kung hindi ito hahawakan ng kamay o ng isang lakas. At ito'y...Ngunit kakailanganin ang kamay upang hawakan ang Tabak. At ang—hahawak...Ang kamay na humahawak ng Tabak na ito ay ang kamay ng pananampalataya.

Ngayon, ang kamay na iyan ng pananampalataya, depende iyan kung gaano iyan kalakas. Maaaring ang lakas na taglay ng kamay ng pananampalatayang ito ay sapat lamang upang makagawa ng isang maliit na butas sa kadiliman at magsabing, "Sa pamamagitan ng pananampalataya ay ligtas ako." Magandang hiwaga iyan, ngunit kung ganiyan lang kalakas ang kamaay na hahawak sa Tabak na iyan, iyan lang ang matatagpas niyan. Ngunit kung malakas ang kamay, tatagos iyan sa lahat ng maaaring ilagay ng Diablo doon sa labas, at kaya nitong pasinagin ang lahat ng pangako ng Diyos sa kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na maguli. Kung iya'y isang malakas na kamay pananampalataya, "Ang panahon ng himala ay...si Jesus Cristo ay siya pa rin ang kahapon, ngayon, at magpakailan man," mananagpas ito. Nakasalalay ito sa lakas ng kamay na nasa likuran ng Tabak.

17 At ang Tabak ay napakatalas. Ang sabi ng Hebreo 4, "Higit itong matalas kaysa sa tabak na magkabila ang talim, nakahihiwa kapuwa paparoon at paparito, at tumatagos pa nga hanggang sa sa—sa utak ng buto, at sa mga kasu-kasuan, at Tagakilala ito ng gma haka ng puso." Lumalampas ito sa pisikal; tumatagos ito hanggang sa daigdig ng espiritu at nakukuha nito ang mga kaisipan ng puso at hinahayag ang mga ito. Ang Espiritu ng Diyos, ang Salita ng Diyos...

Ngayon, ang Salitang iyan ay tatagos doon kung sapat ang lakas ng bisig sa likuran nito upang ibaon ito, tatagos Ito at tatagpasin nito ang bawat pangako at ibibigay sa iyo. Ang tabak, damputin mo iyan ng kamay—ng kamay ng pananampalataya. Hawakan mo ito nang mahigpit; panghawakan mo Ito at harapin mo ang kaaway. Paanong makatatayo ang di tuling kaaway sa presensiya ng Diyos na Walang Hanggan? Kaya't kunin mo ang Tabak ng Salita, at bawat pangako ay sa iyo. Damputin mo ito ng malakas na kamay ng pananampalataya; sumulong ka. Kung kailangan mo ng kagalingan, tagpasin mo ito sa pamamagitan ng Tabak, "Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon at magpakailan man." Kung kailangan mo ng kaligtasan, bawat pangako sa Biblia ay iyo. Nariyan lang iyan at pinipilit itong itago ni Satanas; ngunit kunin mo ang Tabak at itulak mo sa kadiliman hanggang sa sumilay ang liwanag ng Diyos sa iyong kaluluwa at taglayin mo ang pangako. Gagawin Niya ito.

18 Si Adan ay bahagi ni - o si Eva ay bahagi ni Adan; laman siya ng kaniyang laman at buto ng kaniyang buto. At iyan ang tamang pakikipag-isa. Iyan ang tamang pakikipag-isa ng iglesia: Espiritu ng Kaniyang Espiritu, Salita ng Kaniyang Salita, hindi kailan man lumilihis sa Kaniyang Salita. Ang totoong tunay na mananampalataya ay hindi magkokompromiso sa alin mang Salita. Alalahanin, sa isang Salita lang nakipagkumpromiso si Eva. Isang Salita lang. Ngunit ang isang tunay na mananampalataya ay hindi makikipagkumpromiso sa alin mang Salita. Hahawakan nito ang Tabak ng pananampalataya nang may - taglay ang pananampalataya, ang Tabak ng pala ng Salita, at aangkinin niya ang bawat Makalangit na pangako ng Diyos. Iyan nga.

19 Sila ang mga halimbawa ng Diyos sa atin, kung ano dapat tayo, sila noon ay laging namamalagi, hindi nabibigo. Kapag nagsalita sila, tumutugon ang Diyos. Binabantayan Niya sila araw-araw. Sa gabi kapag nahiga na sila upang matulog, binabantayan Niya sila. Sa araw naman ay ginagabayan Niya sila, pinapakain, iniibig, nakikipag-ugnayan Siyang lagi sa kanila sa tuwina. Kawangis nila ang Diyos, at nasa kanila ang Diyos. Iyan ang bumubuo ng samahan. Iyan ang pagkakaisa, kapag ang Diyos ay nasa Kanyang iglesia. Iyan ang pagkakaisa. Maraming maaaring ipangusap, marami pa akong dakong dapat tunguhan. Ang pakikipag-isa sa Kaniya ay Buhay na Walang Hanggan. At ang tanging paraan upang makipag-isa sa Kaniya ay ang maging bawa't bahagi ng Kaniyang Salita (Tama 'yan.), kunin ang bawa't pangako at sampalatayanan ito.

20 Ngayon, kaisa si Eva hanggang sa suwayin niya ang isang Salita, o nang pag-alinlanganan niya na totoo nga ang isang Salita. Iyon ang naghiwalay sa kaniya. Bawat Salita, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita." Kaya't maaari pala tayong, mapasa-Diyos, kaisa Niya, dahil sina Adan at Eva, bago mahulog sa kasalanan, bago nila pagdudahan ang Salita, ang halimbawa ng kung ano ang maaari natin maging kaugnayan sa Kaniya. Ang pakikipag-isa sa Kaniya ay Buhay, ang pagkahiwalay sa Kaniya ay kamatayan. Ngayon, kung susundin natin ang mga utos Niya...

21 Alam nating nagkakamali tayo, ngunit hindi ninyo dapat tinitignan iyan. Hindi ang mga kamalian mo, dahil sadyang lagi kang magkakamali. Ngunit, kita mo, ang mahalaga ay ang pagsunod sa kaniyang mga patakaran, ang pagtupad natin sa mga ipinapagawa Niya. Ang pagkatisod at pagkadapa ay walang anumang kinalaman dito. Ang isang tunay at totoong lingkod, sakaling matisod siya, muli siyang babangon. Kung gigiray siya, kaagd siyang hahatakin ng Diyos sa tamang landas, hangga't nasa landas siya ng pagtupad sa tungkulin. Ngunit kung lihis na siya sa landas ng pagtupad ng tungkulin, hindi na siya pananagutan ng Diyos. Ngunit hangga't nasa landas siya ng pagtupad ng tungkulin, obligado ang

Diyos sa kaniya, dahil batid Niyang tao lamang siya. Sagot Niya ang taong iyon hangga't nasa landas siya ng pagtupad ng tungkulin.

22 Ngayon, ang iglesia ngayon ay nakipagkasundo na upang makasal kay Cristo. Hindi pa nagaganap ang kasal; magaganap ito sa hapunan ng kasalan ng Cordero. Kaya't makikita nating nakipagkasundo na ang iglesia, gaya ng isang lalaki na nakipagkasundo na sa kaniyang asawa. Ano'ng ginagawa niya habang nasa kasunduan nila? Nagbibigay siya ng sari-saring mga bagay, pinapadalhan siya ng mga regalo, pinagaganda ang pakiramdam niya. Buweno, iyan ang ginagawa ni Cristo sa Kaniyang iglesia. Pinadadalhan Niya tayo ng mga kaloob ng Espiritu Santo. Paano'ng mangyayari may kasunduan na kayo samantalang itinatanggi mong naririto nga ang mga kaloob na ito? Ito ang mga tanda ng pag-ibig. Ito ang tanda ng Diyos sa iglesia. Iyan ang sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya."

23 Ngayon, pakatandaan n'yo ang mga bagay na iyan. Kailangang sampalatayanan ng iglesia ang bawat Salita, bawat pangako, bawa't kaliitliitang bahagi, at angkinin nila ito, at sanayin nila ang sarili nila rito. Kung ako'y nakipagkasundo na sa isang babae at ako'y binata, at kung padadalhan ko siya ng isang bagay, isang engagement ring, pagkatapos ay hindi niya iyon isusuot, nagpapakita iyon an hindi niya ako pinaniniwalaan. A - a - ayaw niyang maging nobya ko. At kung padadalhan ni Cristo ni Cristo ang iglesia ng mga kaloob na ipinangako Niya, at tatanggihan niya ang mga iyon, at sasabihing hindi totoo ang mga iyon, ayaw nilang maging Nobya ni Cristo. Sa ibang mangingibig sila nakipagkasundo at hindi kay Cristo, ang Nobyo. Kaya't iniingatan ng tunay na iglesia ang pangako, at iniingatan niyang lahat, at tinatanggap niya ang mga kaloob na ipinadala ng Diyos. Tama.

24 Ngayon, hiniwalay ng mga naunang tao ang sarili nila sa paniniwala sa Diyos sa pamamagitan ng hindi paniniwala sa Kaniyang Salita at pakikinig sa kasinungalingan ng Diablo. Ngayon, iyan ang unang naghiwalay sa napakagandang pagkakaisang iyon. Ngayon tingnan n'yo, sina Eva't Adan ay nasa kalagayang hindi tumatanda, hindi nagkakasakit, hindi kailan man magkakaroon ng alalahanin...

Sasabihin mo, "Sana'y magkaganiyan ako." Hayaan mo . . May ibabalita ako sa iyo; nasa gayon ka ring kalagayan. Inilalagay ng Diyos ang bawat nilalang sa lupa sa gayon ding kalagayan.

25 Ano nga ba ang kasunduan? "Kung tutuparin mo ang Aking Salita. Kung, ang Aking Salita, kung tutuparin mo Ito, sasampalatayanan at kikilos ka ayon Dito..." Ngunit sa unang pagkakataong hindi sumampalataya si Eva at nagbawas siya ng isang Salita sa sinasabi ng Diyos, nasira ang pakikisama sa dakilang pagkakaisang iyon. At sa sandaling hindi paniwalaan ng iglesia ang isa mang Salita sa Biblia ng Diyos, at kung ipupuwesto niya iyon sa iba, kung magkagayon ay sinisira nila nag napakagandang pakikisamang inaalok sa kanil, at siya'y mawawalay. Sa sandaling gawin niya iyon, pumasok kaagad ang kamatayan sa kaniyang katauhang mortal, hindi lang sa kaniyang katauhang mortal kundi maging sa kaniyang katauhang espirituwal. Sinisira niya ang kaugnayan niya sa Diyos sa sandaling magduda siya. At walang sinumang makapananampalataya . . . Heto. Walang lalaki, walang babae ma - makapaniniwala sa kasinungalingan ng Diablo hangga't hindi nila pinagdududahan ang Katotohanan ng Diyos. Walang makapaniniwala sa kasinungalingan ng Diablo kung hindi muna nila pagdududahan ang katotohanan ng Diyos. Kaya't makikita ninyo, si Eva, si Adan, kung saan tayo inilalagay nito sa umagang ito.

26 Ngayon, mag-isip tayo nang malalim, sapagkat hindi tayo makapag-iisip pa pagkatapos nito, pagkatapos ng mortal na buhay na ito. Ngayon na kayo mag-isip. Hindi na kayo maaaring mamili pagkatapos nito; kailangang ngayon na kayo mag-isip, sapagkat ito na ang araw ng pamimili, ng inyong pagpili. Ngayon ang babae . . . Isang salita lang, hindi buong Sampung Utos, isang Salita lang, pinagdudahan niya ang Diyos, sapagkat hinain iyon sa kaniya sa gaanong paraan na ang Salita ay kaduda-duda. Hindi maaaring pagdudahan ang Salita ng Diyos; kung ano'ng sinabi Niya iyon talaga ang nais Niyang ipakahulugan. At hindi Ito nangangailangan ng anumang pansariling pagpapaliwanag. Kung paano Niyang sinabi, iyon na Iyon.

Buweno, sasabihin mo, "Paano kang makakatiyak tungkol sa Biblia?" Naniniwala akong ginagabayan ng aking Diyos ang Bibliang ito; binabantayan Niya ang Kaniyang Salita. Alam Niyang maglilitawan ang mga ateista at mga impidel sa huling mga araw, kung kaya't binabantayan Niya Ito. Ito nga talaga ang ibig sabihin ng Diyos. Ganito na nga ito sa atin ngayon. Ngayon, kailangan natin Itong sampalatayanan. Isang Salita lang ang mawaglit at maiwawala natin ang ating pakikisama, malilihid tayo tu - tungo sa kamatayan, sa walang hanggang pagkawalay sa Diyos, gaya nang nangyari kina Eva't Adan. Kailangan nating sampalatayanan ang Katotohanan ng Diyos.

27 Hayaan n'yong ulitin ko iyan. Huwang ninyong pagdududahan ang alin mang Salita sa Biblia ng Diyos. Ngunit huwag lang ninyong sasabihin, "Oo, pinaniniwalaan ko Ito," sasabihin n'yo, "ngunit... " Hindi, walang ganiyan. Sampalatayanan mo Ito; tatanggapin mo Ito. Kung isasantabi mo Ito, at sasabihin mo, "Buweno, hindi kasi ganiyan ang paniwala ng simbahan namin," kung gayon ay hindi ka naniniwalang Salita nga ito ng Diyos, at aalis kang nasa ilalim ng kahatulang ipinataw kay Eva. Hiniwalay mo ang sarili mo sa Walang Hanggan samantalang may pagkakataon kang makipag-isa sa Kaniya. Ngayon, alalahanin,

hindi iyon maaaring pagdudahan, sapagkat iisang Salita lang iyon - sa Salita ng Diyos . . .

28 At ngayon, kung ang Diyos ay mayroong i - ilang Salitang dapat sundin ng mga tao, at sa ilang Salitang iyon ay may isang mali ang pagkakasaysay, na maging dahilan ng kamatayan, tignan n'yo kung gaano karaming Salita ang naririto sa ngayon. Kita n'yo? Kailangan nating tanggapin ang bawat isa sa mga ito, panghawakan natin ang mga ito at pasukin natin ang mga ito bilang mga pangakong nagmula sa Diyos. At ganiyan ang gagawin ng tunay na asawang babae ng Diyos, ng isang tunay na babaeng ipinagkasundo na. Ngayon, umaasa akong ang mga mumunting bagay na ito ay bumaon nang husto nang sa gayon ay masapo natin ang mga ito.

29 Ano nga ba ang unang bagay na naging dahilan upang pagdudahan ni Eva ang Salita ng Diyos? Pinangakuan kasi siya ni Satanas ng higit na karunungan, "Magiging marunong ka." Ngayon, kita n'yo, lagi nang may gustong abutin ang sankatauhan. At ang nais abutin ni Eva ay ang karunungan.

Ngayon, tumigil muna tayo sandali. Hindi ba't iyan ang lagay ng sanlibutan ngayon? Nais nila ng higit na karunungan, higit na mabuting klase, higit na mataas ang pinag-aralan, naghahangad ng isang bagay na kaiba, higit na karunungan. Iyan ang gusto ni Eva. Ngunit hayaan n'yong sabihin ko rin ito, na walang karunungan makahihigit sa Karunungan ng Diyos, gayon man ay napakasimple nito kaya't hindi ito napapansin ng mga tao.

Si Satanas, gaya ng maraming ulit ko nang nasabi, kumikinang siya, ngunit ang Ebanghelyo ay nagliliwanag. Oh, malaki ang kaibahan ng pagkinang sa pagliliwanag. Ang Hollywood ay kumikinang, ngunit ang iglesia ag nagliliwanag sa kapang yarihan at pag-ibig ng Diyos. Kumikinang ang Hollywood: malaki ang kaibahan ng pagkinang at pagliliwanag. Ayaw nating kuminang. Nais nating magliwanag.

30 Ngayon . . . (Nakalulungkot isipin ito.) Ngunit pinipilit ng mga iglesiang manalig sa sarili nilang kaunawaan gaya ng ginawa ni Eva. Inakala niya, dahil inalok iyon sa kaniya, at para iyong totoong-totoo . . . Oh, huwag na hindi ninyo ito makuha. Para iyong totoo, isang bagay iyon na maaaring idagdag sa sinabi ng Diyos. Para bang mayroon siyang isang bagay na hindi sinabi ng Diyos sa kaniya kung hanggang saan siya maaaring makarating. Hindi ibinigay ng Diyos sa kaniya ang hangganan gaya ng ginagawa Niya sa dagat na hindi makalampas sa hangganan nito dahil binabantayan ito ng buwan. Inakala niyang . . . Inakala niyang may panggulat si Satanas, gaya ng kasabihan natin, na maaari pa rin siyang manatiling kaisa ng Diyos, nang mas matalino siya, at mas mataas ang pinag-aralan niya. Ngunit hindi inilaan ng Diyos sa kaniya kung ano talaga ang kailangan niya.

At ganiyan din ang inilaan Niya sa iglesia. Hindi ang isang pamimilipit ng isang seminaryo, o isang pahayag o pamimilipit na nagmula sa i - isang Bible school, kundi kung ano talaga ang nakasulat, at ITO ANG SINABI NG PANGINOON. Hindi n'yo ito maaaring baguhin. Ngunit nananalig ang mga iglesia sa sarili nilang kaunawaan. Ang - ang akala siguro nila ay may - may isang bagay na inihanda para sa kanila, at nakadaya ito.

31 kailangan kong maghintay dito sandali. Ang buong mundo ay nakasalig diyan. Ang buong ekonomiya ng buong bansang ito ay nakasalig sa isang maling konsepto. Kukuwentuhan ko kayo ng isang biro tungkol sa aking sarili; hindi ito biro. Ngunit alam n'yo lahat tayo'y umiibig sa ating mga asawa, o, dapat lang. at may tinitingnan akong isang programa rito may kalaunan na, mga tatlong taon na. At sa aking silid isang umaga ay bumangon ako, at may telebisyon doon sa loob ng silid. At naisip ko, "Parang masama ang panahon." At naisip ko, "Buweno, tuwing alas-otso ay may balita." At kinuha ko ang babasahin at ang sabi'y may balita raw pag ganitong oras.

Binuksan ko sa balita, at habang nakikinig ako ng balita, napansin kong sa kalagitnaan ng balita ay may ipinatalastas silang uri ng produkto, isang uri ng sabon. At ang sabi, "Hindi ka na maghuhugas ng pinggan binibini. Ang gagawin mo lang ay ibabad mo lang ito sa tubig ng dalawang minuto, hanguin mo ito at patuluin mo na lang sa lalagyan; tapos na."

Sa loob-loob ko, "Magiging bayani ako pagdating ko sa bahay." Isinulat ko ang pangalan nito, ang produktong ito. Ang sabi ko, "Sasabihin ko sa asawa ko, 'Tignan mo kung ano'ng magagawa ko." Kaya't humayo ako at bumili ng isang bote ng produktong ito, at pinapuslit kong lahat iyon sa tubig, sinabi ko sa kaniyang ituloy lang niya ang pagwawalis at ako na ang bahala sa hugasin.

Kaya't kinuha ko ang mga pinggan ng mga bata at inalis ko muna ang mga mumo, at iba pa, at nakadikit ang itlog dito, at inilubog ko iyon sa tubig, at ibinabad ko ng ilang minuto, saka ko hinango at iniligay sa patuluan. Kita n'yo, mu - muntik ko nang mawala . . . Muntik nang mawala ang tiwala ng asawa ko sa akin sa pagkakataong iyon.

32 Nakikita ba ninyo, bakit nga hinahayaan ng bansang ito na madaya ang mga tao? Hindi dapat pinapayagang sabihin iyon nang ganoon. Dapat sana'y labag iyan sa batas. Tungkol naman sa makabagong patalastas tungkol sa sigarilyo, ano'ng kahihiyan, "Wala ni isa mang ubo sa isang hakot nito," lahat na lang ng uri ng . . . Buweno, hindi dapat iyan pinapayagan. Ano'ng ginagawa nito?

Nandaraya ito. May kamatayan sa lahat ng iyan. May kamatayan sa pag-inom ng alak: panggagahasa, pagpatay, pagkabaliw ang nasa loob ng bote. Gayon man ay pinapayagan tayong ipalabas iyan sa ating mga palatuntunan at ipatalastas ito na, "Ito ang inuming iniinom ni lolo. Higit na ligaya ng buhay," ang iba't-ibang uri ng mga inuming serbesa at alkohol. Ano ito? Nakadadaya ito. Ito'y paglalagay sa harap ng publiko ng bagay na makamamatay sa kanila. At pinapayagan tayong gawin ito.

33 at hayaan ninyong ibaling ko kaagad iyan. At ang mga iglesia, sa pamamagitan ng mga dogmang ginawa ng tao, mga kredong ginawa ng tao ay nag-aalok ng isang magandang pambungad sa mga tao, at kinakagat naman nila ito, samantalang kamatayan ito. Walang iglesiang makalilinis ng inyong kaluluwa. Walang kredong makalilinis ng inyong kaluluwa. Tanging ang Dugo ni Jesus Cristo ang makapaglilinis ng inyong kaluluwa, ang lunas ng Diyos. Garantisado ito. Kaya't sadyang bulaan ito, ngunit nananalig ang tao sa kaunawaan ng matatalino, at diyan sila namamatay. At ang mga tao ngayon ay nananalig sa kaunawaan ng - ng mga kredo at denominasyon, at milyun-milyon, tulad ng mga baboy sa katayan, ang nagtutumulin tungo sa walang katapusang hukay ng impiyerno. Ano'ng laking kahihiyan nito. Pinagbawalan tayong manalig sa sarili nating kaunawaan. Ni hindi nga natin ito maaaring tangkain.

34 Sasabihin mo, "Hindi ba't mas maraming masasabi ang konsehong binubuo ng maraming tao kaysa iisang tao lang?" Hindi kung ang iisang taong iyon ay nangungusap ng Salita ng Diyos. Minsan ay may apat na raang propetang lumapit sa dalawang hari, at nanalig sila sa sarili nilang kaunawaan. Ngunit mayroong isang nanangan sa Salita ng Diyos , at napatunayang siya ang tama: si Micheas. Depende iyan kung Salita ba iyon ng Diyos o hindi. Anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos ay mali, diyan papasok ang kamatayan. Walang karunungang makahihigit sa karunungan ng Diyos. Siya ng pinakamatalino sa lahat ng matatalino. Si - Siya ang Bukal. Siya lamang ang tanging pinagmumulan ng karunungan. Lahat ng salita ng tao ay kamangmangan at kasinungalingan, liban sa Salita ng Diyos. Kung ito'y salungat sa Diyos . . . Ngayon, kung ang ipinangungusap ng tao ay Salita ng Diyos, kung gayon ay hindi na iyon salita ng tao; Salita na iyon ng Diyos. Kita n'yo, hindi ito kaunawaan ng tao.

35 Lahat ng klase ng pangako ay ibibigay sa iyo ni Satanas, ngunit wala siyang anumang maibibigay sa iyo, dahil wala siyang anumang pag-aari. Wala siyang kaligtasan. Ano ba si Satanas? Anumang bagay na salungat sa Salita. Wala siyang kaligtasan. Wala siyang Liwanag. Ang kaharian niya ay kadiliman; ang dulo nito ay kamatayan. Ang kadiliman at kamatayan ang kaharian ni Satanas. "Brother Branham, pakiulit nga. Ano nga ba ang kaharian ni Satanas?" Anumang bagay na salungat sa Salita ng Diyos.

Ngayon, nakasusugat iyan ngunit ito na ang panahon ng panunugat. Kita n'yo? Ang sanga, ang puno, para ito mamunga, kailangan itong tabasan. Panahon na.

Anumang bagay na salungat sa kaisipan ng Diyos, sa Salita ng Diyos ay hindi Diyos. Ano ito? Ano ba ang kasalanan? Katuwirang niliko. Ano ba ang kamatayan? Buhay na niliko. Ano ba ang kaharian ni Satanas? Anumang bagay na naglalagay ng isang bagay upang ipamalit sa Salita, anumang bagay, anumang katuruan. Isang Salita, isang Salita lang. Maaaring paniwalaan mo ang lahat. Pinaniwalaan ni Eva ang bawat bahagi nito liban lang sa isang Salitang iyon. Ang isang Salitang iyon lang ang kailangan niyang pagdudahan. Ang iisang Salitang iyon lang ang kailangan niyang pagdudahan. Ang iisang Salitang iyon lang ang kailangan ninyong pagdudahan.

36 Ngayon, tignan natin ito. Ang tanging paraan upang makapanatili sa pakikisama sa Diyos ay ang pagtupad sa Salitang iyan sinabi ng Diyos, "Gawin mo ito. Huwag mo itong gagawin. Gawin mo ito. Gawin mo ito, at maaari mo itong gawin at gawin mo ito. Ngunit huwag mo itong gagawin." Ngayon, kapirasong utos lang ang sinuway niya, at iyon na ang nagpasimula ng lahat . . . Dahil ginawa niya iyon, naging dahilan siya ng bawat gutom na batang nabuhay dito sa mundo, bawat kirot ng kamatayan, bawat kalungkutan, bawat sakit ng damdamin. Siya ang naging dahilan nito. Isang nakapangingilabot na bagay ang hindi pagsampalataya sa Salita ng Diyos. Bawa't taong dumadaing gawa ng matinding kirot ng bawat kamatayang naganap o magaganap pa lamang, siya ang naging dahilan. Bawat batang hindi kasal, siya ang dahilan, bawat batang isinilang nang - labas sa kasal. Bawat kasalanang naisagawa, siya ang naging sanhi nang gawin niya iyon, ang tuparin ang bawat salita; ngunit pi - pinangatwiranan niya ang isang bahagi nito. Sadyang siya'y . . . Hindi niya alam iyon . . . Alam niya iyon, ngunit natukso siyang gumawa ng isang bagay na mas maganda, sapagkat napangakuan siya ng mas mataas na uri ng mga tao, higit na karunungan, mas marami siyang malalaman tungkol dito kung gagawin niya ito. "Ang mga ministro namin ay higit na mataas ang pinag-aralan. Mas mataas ang uri namin."

Sa buong mundo ay wala nang mas mataas pa ang uri sa mga taong tumutupad sa Salita ng Diyos. Iyan ang pinakamagaling sa lahat. Iyan lang ang tanging uring tinitingnan ng Diyos. Kaunting panahon na lang at marahil ay pahihintulutan tayo ng Diyos na makadako riyan.

37 Walang maipangako ang kaharian niya maliban sa kamatayan. Iyan lang ang nasa kaniya. Siya ang may-akda ng kamatayan. Magagawa niyang mangako ng kasinungalingan dahil siya ang ama ng kasinungalingan. Hindi niya kayo maaaring bigyan ng Buhay. Hindi niya kayo maaaring bigyan ng langit, wala siyang langit na maibibigay sa inyo.

Isipin n'yo. Isang Salita lang, ang pagdudahan mo ang Diyos dahil sa pangako ng Diablo o ang kaniyang makinarya, isang salita lang ang magbubulid sa iyo sa matinding paghihirap. Gayon iyon nagpasimula. At kung ang Diyos, sa Kaniyang habag, dahil Siya'y mahabagin, magagawa Niyang ipadala ang masa ng impiyerno sa ibabaw ng lupa, at naging dahilan ng mga batang nagugutom, lahat ng uri ng sakit, at mga taong nagugutom, at kamatayan sa lupa, dahil lang sa isang Salita sa pasimula, hindi ba Niya kayang palampasin iyon at nang mahakbangan Niya ang malawakang pagudurusang ito? Hindi ba Niya iyon maaaring palampasin? At kung hindi Niya pinalampas ang isang Salita noon, batid Niyang ganito ang ibubunga nito, gaano pa kayang hindi Niya mapalalampas ang isang Salita roon, kapag ang indibidwal ang mag-isang magdurusa, yaong hindi sumasampalataya. Isipin n'yo; isa itong napakabigat na bagay.

38 Ngayon, nang makinig si Eva't Adan sa kasinungalingan ng Diablo, nilisan sila ng banal na larawan ng Diyos; at na - nasira ang pakikisama nila sa Diyos. Ang dati nilang pakikisamang pakikiisa sa Diyos ay nasira. Sa sandaling pakinggan nila ang kasinungalingan ng Diablo, nasira ang kanilang pakikisama. At sa sandaling pakinggan ninyo ang kasinungalingan ng Diablo, sisirain nito ang inyong pakikisama. Iya'y sa sandaling lumabas ka sa Presensiya ng Diyos, gaya ng ginawa ni Eva, kapag nabigo mong tanggapin ang Salita ng Diyos kung ano talaga ito.

39 Ngayon tingnan n'yo, may itatanong ako sa inyo. Alam nating lahat na may Diyos. At kung talagang tama ang Diyos sa Kaniyang Salita, at determinado Siya na hatulan ang tao sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, kung gayon ay kailangan Niyang ingatan ang Salita sa anumang paraan upang mahatulan Niya ang tao sa pamamagitan Nito. Ang Bibliang ito na nga iyon. Huwag ninyong kalilimutan iyan. Biblia ang ipanghahatol ng Diyos sa tao, sapagkat ang sabi sa Apocalipsis 22, " Ang sinumang magbawas ng isang Salita o magdagdag man ng isang Salita Rito . . ."

Kita n'yo, hindi lamang para masabi, "Buweno, nag - nagsisimba ako. Sumasampalataya ako. Su - su - sumasampalataya ako sa Diyos." Aba, bawa't diablo sa impiyerno ay naniniwala rin sa Kaniya. Bawat isa sa kanila ay relihiyoso, bawat isa sa kanila.

40 Ngunit isang salita lang; agad na masisira ang pakikisama. Hindi hihigit ang lakas ng isang kadena sa pinakamahinang dugtungan nito. Kung saan ka mahina sa paniniwala sa Salita ng Diyos; diyan ka dapat maglagay ng bagong dugtong, sinalakas ng kabuuan nito. Kung naniniwala kang nagliligtas si Jesus Cristo; kung gayon ay kailangan mong maglagay ng dugtong doon na naniniwalang nagpapagaling Siya. Kung naniniwala kang Siya'y noon, dapat ay maniwala kang Siya pa rin ngayon. Aleluia. Kung sumasampalataya kang Siya noon, at iniisip mo kung Siya pa rin ngayon, mapapatid ang dugtungang iyan, at maliligaw ka. Nakikita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Mahigpit ito, matigas ito, ngunit ito ang katotohanan. Kailangang sampalatayan mo Siya, ang bawa't Salita, lahat ng sinabi Niya.

41 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, ngayon, Brother Branham, paano naman ang mga denominasyong ito?" Buweno, ngayon, makinig kayo. Kung kampi sila sa Salitang ito, mabuti. Ngunit kung itatanggi nila ang Salitang iyan, kung gayon ay hindi iyan tama; ang Diablo na naman iyan. Kita n'yo?

"Paano naman itong iglesiang ito?" Hindi ko alam ang tungkol sa iglesiang iyan. Ang tanging nalalaman ko ay ang tungkol sa Salitang ito. Ngayon, paano kang maniniwala sa iglesia kung umaabot na sa siyam na raan ang bilang ng iba't-ibang denominasyon, at bawa't isa ay nagsasabi, "Nasa denominasyon namin ang tunay na katotohanan."

Ngayon, saan ka pupunta? Kailangang masalig ang pananampalataya mo sa isang bagay. Buweno, sasabihin mo, "May pananampalataya ako sa mga Metodista, sa mga Baptist, sa Presbyterian ,sa Lutheran, sa Pentecostal, sa Catolico, " o auman iyon. Nakasalig ang pananampalataya mo sa samahan, at kung salungat ito sa Salita, tulad din ng ginagawa mo, kukunin ang Salita ng Diyos at saka gagawin Itong...

42 "Buweno, mas mataas na klase ng mga tao ang nagsisimba rito. Mas malaki ang gusali nito. Mas matatalinong tao ang mga ito." Wala iyang kinalaman dito. Di hamak na higit na matalino si Satanas kaysa kay Eva. Hindi niya - ni hindi kasali iyon sa larawan. Ngunit hindi siya kailangang maging matalino; ang kailangan ay maging masunurin siya. Hindi tayo dapat nagpapakatalino. Sinasabi ni Jesus na ang mga anak ng sanlibutang ito, o, ng kaharian ng sanlibutang ito ay higit na matatalino, ang mga anak ng kadiliman, kaysa mga anak ng Liwanag. Itinulad tayo sa mga tupa. Ni hindi magawang pangunahan ng mga tupa ang kanilang sarili; kailangang magkaroon sila ng pastol. Ayaw ng Diyos na magpakatalino tayo, ang nais Niya ay manalig tayo sa Kaniyang kaunawaan (Amen), kung saan Niya tayo akayin. Amen. Nakikita na ba ninyo ang larawan? Huwag kayong mananalig sa sarili ninyong kaunawaan. Mga Kawikaan 5, 3. Huwag kayong mananalig sa sarili ninyong kaunawaan, manalig kayo sa Kaniyang kaunawaan. Kahit na para bang salungat ito, at gaano man kalaki ang nakasisilaw na ilaw doon sa labas, huwag ninyo iyang papansinin. Manalig lang kayo sa Kaniyang kaunawaan, kung ano ang sinabi Niyang Katotohanan.

43 Ngayon, ang pagkakaisa sa pakikisama ay nasira sa pagitan ng Diyos at ng Kaniyang mga anak sa sandaling hindi paniwalaan ng babae ang isang maikling talata, isang katiting na Salita ng Diyos. Lahat ng nakaunawa magsabi ng, "Amen". [Nagsabi ng, "Amen!" ang kongregasyon - Ed.] Hindi ang Biblia; ang

sabihing, "Hindi ako naniniwala sa buong Biblia. Naniniwala ako sa kalahati Nito. Kailangang sampalatayanan ng babae ang kabuuan Nito, bawat bahagi.

Hindi lang iyon, pati na ang pagkakaisa ng mag-asawa ay nasira na rin. Hindi ako naniniwalang ang pagsasama ng mag-asawa ay magiging maayos kung walang pakikipag-isa ang mag-asawa sa Diyos. Tama. Magpapalaki sila ng mga anak sa mundo, at gagawin nila silang mga ilehitimo, bibigyan nila sila ng sigarilyo, alak, magbabaraha sila sa harap nila, iinom ng alak sa harap nila. Kahit gaano pa sila katapat sa kanilang sinumpaang kasal, iyan ay seksuwal; iyan ay laman. Ngunit may espiritu sa loob nito, ang espiritu ng makasalanang ama at ina, gaano man sila katapat sa kanilang mga anak, ay lalabas pa ring mali.

44 Buweno, sasabihin mo, "May kilala akong mga lalaki't babaeng hindi nagturo ng ganiyan sa mga anak nila, na hindi Cristiano." Iyan ngang hindi nila pag-akay sa kanila kay Cristo ang pinakamaling magagawa nila liban doon sa iba; ang hindi sila akayin kay Cristo. Kita n'yo? Kaya't hindi ka maaaring magkaroon ng wastong pakikipag-isa kung wala iyon. Nasira ang pakikisama . . .

At nang masira ang pakikisama sa pagitan ni Eva't Adan . . . Nang masira ang pakikisama sa pagitan nila at ng Diyos, nang magkagayo'y nasira rin ang pakikisama nila sa isa't-isa.

Makinig kayo. Sa sandaling sirain ng iglesia ang pakikisama nito upang bumuo ito ng organisasyon, masisira na rin ang pakikisama ng mga mananampalataya. Kailangan nating sumampalataya nang iisa ang puso, iisa ang diwa, at nagkakaisa. Gayon sila bago naganap ang pagkakaisa sa araw ng Pentecostes; isang puso, isang diwa, at nagkakaisa. At kung ilalagay mo ang isang iglesia sa isang organisasyon, lilitaw ang lahat ng uri ng pagkakabahabahagi. Sapagkat ang iba sa mga anak na naroroon ay sasampalataya sa Diyos; manghahawakan sila sa kung ano ang tama; at ang iba naman ay sa kabila magsisipunta. Kaya't wala kayong pakikisama sa isa't-isa. Siyanga.

45 Ano? Nabago ang takbo ng kaisipan Niya. Oh, siyanga, nagbago ang takbo ng kaisipan niya. Ang pakikisama niya sa asawa niya ay hindi na wasto. Nagsimula silang magsisihan. Kita n'yo? Ang totoo, nabago ang takbo ng kaisipan ng babae. Bakit? Nasa kalooban niya ang buhay ng Diablo. Tama nga. Sa sandaling pagdudahan niya ang Salita ng Diyos, tinanggap niya ang buhay ng Diablo, dahil tinanggap niya ang kaniyang aral.

Maaari ko itong patindihin nang husto dito, ngunit naka-tape ito. Tiyak ko namang nauunawaan ninyo: ang iglesiang ito.

Pinagdudahan niya ang Salita ng Diyos at iyon ang nagwalay sa kaniya sa Diyos, sapagkat nasa kaniya noon ang buhay ng Diablo. Pinaniwalaan niya ang kaniyang kasinungalingan, ang sabi, "Napakasarap ng prutas," at magkasama nilang kinain iyon. Tama.

46 Hindi ko ito pipigilin. Hahayaan kong lumabas ito sa anu't anuman. Sadyang hindi ko . . . Noong isang araw sa California; ang ibig kong sabihin ay sa Arizona, nagturo ako sa isang simbahan. Kailan man ay hindi pa ako nagsalita ng anuman sa ilalim ng pagkasi na kinakailangan kong bawiin. Maraming ministro ang tumuligsa sa akin tungkol sa binhi ni Satanas, sa binhi ng serpente. "Ang babae ika, ay kumain ng mansanas." Hah. I - yan . . . Aba, eh, ganiyan din ang akala ni Cain; nagdala siya ng mga bunga ng kaparangan. Nakikita na ninyo? Hindi iyon mansanas. Paano niyang nalaman na hubad pala siya? Natalakay na natin iyan. Ang totoo ay isa iyong relasyong seksuwal. Tunay ngang gayon iyon; napagtanto niyang hubad siya. At nagkaanak siya sa serpente at hindi iyon isang reptilya; siya ang pinakatuso sa lahat ng hayop. Siya ang kasunod ng tao. Makahahanap ang tao ng mga matsing at mga chimpanzee - mga chimpanzee, at iba pa, ngunit hindi nila mahanap ang dugtong na nagkakabit sa tao at hayop. Hayun siya. Gayon na lamang ang pagkakasumpa sa kaniya ng Diyos kaya't hindi na niya magawang muling magbalik (Tama.), dahil sa masamang gawang iyon na ginawa niya. Siya lamang ang tanging binhing maaaring lumahok.

47 Ngayon, nung isang araw, nakatayo ako't nangangaral, may isang lupon ng mga Catolicong nakikinig, at ang sabi ko, "Kayong mga Catolico na tumatawag kay Jesus, o tumatawag kay Maria na ina ng Diyos, paanong magkakaroon ng ina ang Diyos samantalang eternal Siya? Hindi Siya maaaring magkaroon ng ina. Ni wala ngang relasyon si Jesus kay Maria, kundi isa lamang siyang . . . Isa siyang incubator na nagpapisa sa Kaniya."

Buweno, noon pa ma'y iyan na ang paniwala nila, at ang akala ko pa nga maraming taon na ang nakalipas na - na ang immaculate conception ay ang paglukob sa kaniya ng Diyos at naglagay Siya ng selyula ng Dugo roon, ngunit ang itlog ay galing sa babae. Kung galing sa babae ang itlog, kailangang magkaroon ng sensasyon para dumaan ang itlog sa tubo patungo sa sinapupunan. Nakikita ba ninyo kung ano ang ginagawa ninyo sa Diyos? Inilalagay ninyo Siya sa isang seksuwal na kaguluhan. Ang Diyos, na lumikha ng selyula ng dugo, ay siya ring lumikha ng itlog . . . Doctor, kailangang magkaroon kapuwa ng lalaki at babaeng pollen. Tama.

48 Buweno kung gayon, kung sa babae galing ang itlog, paanong nasabi ni David, "Hindi ko hahayaang mabulok ang Aking Banal na Katawan, hindi ko rin naman iiwan ang kaluluwa Niya sa hades?" Bukod dito, kung ang itlog ng babae ay nakay Cristo, kung gayon may kinalaman ang taong iyon sa bahagi Niya sa pagkabuhay na maguli, samantalang kumpletung-kumpleto iyon sa Diyos. Bakit ibabangon ng Diyos ang bahaging seksuwal ng tao? Sa muling pagkabuhay, bakit hindi Niya hinayaang mabulok ang Kaniyang katawan? Sapagkat banal Siya. At paano Siyang magiging banal kung nagkaroon Siya ng kaugnayan kay Maria, nagdaan ang itlog sa tubo tungo sa sinapupunan? Kakailanganing magkaroon ng sensasyon para mapababa ang itlog. Ang babae ay lalabas na. . .

Buweno, sasabihin mo, "Marahil ay naroon na ang itlog. Maaring gayon ang nanyari." Ngunit iyan, kung totoo iyan, kung gayon ay tignan n'yo kung ano ang nangyayari dito, kung magkagayon ay hindi Siya Diyos. Hindi Siya ang Diyos dahil tao Siya. Ngunit kung gayon nga, may kinalaman ang babae rito. At ang - ang aktuwal na binhing nagmula kay Maria, na nagmula sa kaniyang ina, at sa kaniyang ina, at sa kaniyang ina, ay isang bagay ma bahagi ng tao na naihalo rito, na mayroong makataong pagnanasa. Hindi iyan maaaring mangyari. Hindi, po. Ang sabi ko, "Siya . . . isa lamang siyang . . . "

49 Gaya ito ng kung kukuha ka ng isang agila at kapag nangitlog ito, palimliman mo ito sa inahing manok; pipisain ng inahing manok ang itlog; isa lamang siyang incubator. Ngunit walang anumang bahagi sa kaniya, sa agila, ang manok. Wala po. Ang inahin ay . . . Maaari mong itali ang isang tuta sa ibabaw mg itlog ng - ng ibon, at mamimisa ang ibon, magagawa ito ng tuta. Ang init ng katawan ang pumipisa sa itlog.

At ganiyan din ang nangyari kay Jesus. Incubator lang si Maria. Ginamit siya ng Diyos kung paanong ginamit Niya ang sinumang babae. Isa siyang birhen; hindi pa siya nagka-anak. Pumaroon Siya sa isang birheng sinapupunan, ngunit ang Diyos na Manlilikha ang lumikha kapuwa ng itlog at binhi: nilikha Niya iyon. Kaya nga, isa iyong immaculate conception.

50 Nang lumabas ako, ano pa nga ba, alam n'yo, hinihintay ako ng mga kapatid. Ang sabi nila, "Brother Branham, may itatanong ako sa iyo. Nagkamali ka. Ngayon ay nahuli ka na namin." Ang sabi ko, "Sige, iyan nga ang gusto ko, ang mahuli."

At ang sabi ko, "Nagkamali ka nang sabihin mo ito, nang mangaral ka ng binhi ng serpente. Ngayon, sinabi mong ang itlog ay galing sa . . . nilikha iyon ng Diyos, ang itlog. Ang nangyari, nakita namin dito sa ikatlong kabanata ng Genesis, sinabi ng Diyos kay Maria, "Pag-aalitin ko ang iyong binhi at ang binhi ng serpente."

Sa loob-loob ko, "Ay, naku." Hindi pa ako nangaral sa tanang buhay ko ng isang bagay na kinasihan na kinailangan kong bawiin, sapagkat hindi ako nananalig sa sarili kong kaunawaan. At kung ang kaunawaan ko ay salungat sa Salita ng Diyos. Kung hindi, iwan na lang ninyo; hindi iyan tama. Ngunit ngayon, punitin na lang iyan, iyan ang dapat gawin. Sa puso ko ay sinabi ko, "Makalangit na Ama, tulungan Mo po ako. Hindi ko alam kung ano ang dapat gawin dito. Hawak ng lalaki ang kasulatan; nakaturo ang daliri niya rito: "Pag-aalitin Ko ang iyong binhi at ang binhi ng serpente."

51 Ngayon, heto na. Nilukuban siya ng Espiritu Santo. Naniniwala ako na Yaong lumukob kay Maria, na may kakayanang lumikha, magagawa rin Niyang maglagay ng Salita sa kanilang mga bibig. Sa kaniya ako umaasa araw-araw. At lagi itong Salita Niya. Hindi Siya - makapagsasalita ng anumang bagay na salungat sa Kaniyang Salita. Kaya't kung sasabihin mong kinasihan ka, at mangangaral ka ng laban sa Mga Katotohanan ng Diyos, kung gayon ay hindi iyan pahid ng Espiritu Santo. Pagkat kapag nilukuban ka ng Espiritu Santo, pareho rin ang dala Niya, pagkat Ito'y ang Salita.

52 Makinig kayo. Ano'ng nangyari? Ang sabi ko, "Sige, may itatanong ako sa iyo. Wala namang itlog ang babae. Wala siyang binhi. Ang sabi Niya, hindi Niya sinabing itlog; ang sabi Niya ay 'ang iyong binhi'. At wala siyang binhi."

Kailangan ang pagsasanib para makagawa ng binhi. Tama ba, doctor? Kailangan iyan. Kung mayroon kang napakaraming butil dito, na wala namang taglay na buhay, at itatanim mo iyon dito, hi - hindi iyon tutubo, mabubulok lang iyon. At hindi mo maaaring itanim ang buhay nang walang butil. Kaya, kita n'yo, ang lahat ng ito ay isang pagsasanib. Kita n'yo, kung mayroon nang sariling binhi ang babae, hindi na siya mangangailangan ng lalaki, maaari na siyang magkaanak mag-isa. Ngunit hindi siya maaaring maging isang - hindi siya maaaring magkaanak hangga't hindi siya sumisiping sa lalaki, sapagkat kailangang magsama ang dalawa para makagawa ng binhi. Tama ba? Magtanim nga kayo ng binhing walang buhay at tingnan n'yo kung ano ang mangyayari.

Gaya ng nagkaroon dito ng usap-usapan tungkol sa babaeng nanganak ng mga aso. Kita n'yo, hindi iyan mabubuhay, hindi iyan mangyayari, pagkat (Kita n'yo?) hindi maghahalo ang mga binhi nila.

53 Ngayon, pansinin n'yo ito ngayon. Ang - ang babae ay walang binhi. Kaya't ang sabi Niya, "Pag-aalitin Ko ang iyong binhi at ang binhi ng serpente." Ang sinasabi Niya sa kaniya ay Siya mismo ang

paroroon upang bigyan siya ng binhi, hindi sa pamamagitan ng pagtatalik, na seksuwal. Lilikha Siya sa kaniya ng isang binhi. Buweno, sasabihin mo, "Binhi nga na Niya iyon?" Oo. Magiging kay Maria na iyon matapos Niya iyong ibigay sa kaniya. Ito ay mata ko; ibinigay Niya ito sa akin. Mata ko ito, ngunit ibinigay Niya ito sa akin. Kamay ko ito; bigay Niya ito sa akin. Tinig ko ito, ngunit bigay Niya ito sa akin. Kita n'yo? At ang binhing nakay Maria ay walang kinalaman kay Maria. Iyon ay isang bagay na ginawa mismo ng Diyos.

54 Kaya't ang binhing nasa babae ay isang pagsasanib ng isang bawal na gawa, at kamatayan iyon. Buntis na siya ng binhi ng serpente, sapagkat nasipingan na siya ng . . . At siya mismo ang nagsabi, "Dinaya ako ng serpente." Tama. At kapagdaka ay lumabas si Cain.

Oh, alam nating sinabi niyang pinagkalooban siya ng Diyos ng isang anak. Tiyak nga. Tiyak nga, bawat anak na isinilang, ilehitimo man o anuman siya, darating siya dahil kagagawan ng Diyos. Siya lamang ang maaaring lumikha ng buhay. Tiyak nga. Tama.

Kita n'yo, magiging ina na siya. At hindi iyan - lalo lang nalinaw niyan ang tungkol sa binhi ng serpente. "Ang binhing nasa iyo ngayon ay nabuo, ng iyong bawal na gawa laban sa Aking Salita, dahil sa bagay na ito, at ngayon ay nasa iyo na ang binhi ng serpente. Ngunit bibigyan kita ng binhi sa pamamagitan ng makalangit na paglilihi, at susugatan ng Binhi ang ulo ng serpente, at susugatan naman ng ulo niya ang sakong." Amen. Hayaan lang ninyo ito sa Diyos; kung ito'y Salita Niya, pangyayarihin Niya ito.

55 Iyan ang dahilan kung bakit kailangan mong makipag-isa sa Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit sinabi ni Pedro noong araw ng Pentecostes, matapos sabihin ni Jesus, "Baustismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo" ang sabi naman ni Pedro, "Bautismuhan n'yo sila sa Pangalan ni Jesus Cristo," sapagkat ang pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo ay ang Panginoong Jesus Cristo. Nakikita ba ninyo? Kakailanganin ang pakikipag-isa.

Hindi pa nakita ni Pablo si Pedro, ngunit iisang Espiritu Santo, sa parehong pakikipag-isa (Luwalhati.) ang nagbunsod sa kaniya upang iyon ang salitain niya. "Natanggap na ba ninyo ang Espiritu Santo mula nang sumampalataya kayo?" Ang sabi niya, "Ni hindi nga namin alam na mayroon niyan." Ang sabi, "Paano ba kayo nabautismuhan?" Ang sabi, "Sa bautismo ni Juan." Ang sabi, "Kailangan ninyong magpabautismong muli sa Pangalan ni Jesus Cristo." At tinanggap nila ang Espiritu Santo. Ano iyon? Ang pakikipagkaisa, ang pagsasalita nang kung ano ang sinabi ng Diyos. At iyan ang pagpapahayag. Ang ibig sabihin ng "pagpapahayag" ay "sabihin kung ano ang sinabi na." At Siya ang Punong Saserdote ng ating pagpapahayag, upang kumilos tayo batay sa kung ano ang sinabi Niya. Sinasabi nating ito ang katotohanan, at saka Siya kikilos. Ay, naku.

Hayan ka na. hayan ang paglilihi.

56 Ngayon, masdan n'yo kung paanong ang ba - babae - nasira ang pakikipag-isa niya sa kaniyang asawang lalaki. Kita n'yo. Kaagad, sa sandaling sabihin ng Diyos, "Adan, bakit mo nagawa ito?" Sa halip na pagtakpan niya ang asawa niya, ibinunton pa niya ang sisi sa kaniya. "Ang babaeng ibinigay mo sa akin." Sira na ang pakikipagkaisa. Kita n'yo?

Ano'ng ginawa niya? Sa halip na ibigin niya ang kaniyagn asawang lalaki at sabihin ang katotohanan, nagsinungaling siya. Da - da - da - dapat sana'y sinabi niya, "Inosente siya; ako ang nagbigay sa kaniya." Amen. Ang sabi ng Biblia, "Binigyan niya ang kaniyang asawang lalaki." Dapat sana'y sinabi niya, "Inosente ang lalaking iyan. Binigyan ko siya kaya't kumain siya." Sa halip ay ipinasa niya ang sisi sa serpente, ang pinakamalapit na maaaring sisishin.

57 Ganiyan din ang pinipilit nilang gawin ngayon. Kita n'yo, ang asawang lalaki, ang asawang babae, sira na ang pagkakaisa. Ang mag-asawa, nasira na ang samahan nila; wasak na ang pagkakaisa nila; nasira na ang pagkakaisa sa pagitan nila at ng Diyos. Sira nang lahat. Bakit? Dahil may isang Salitang hindi pinaniwalaan. Oh, kapatid, nak. Siyanga, dapat ay sinabi niya na lang ang katotohanan. Wala na ang pagkakaisa nilang mag-asawa, at wala na rin ang pagkakaisa nila sa Diyos. At lahat ng iglesiang hindi tatanggap sa kabuuan ng Salita ng Diyos, ganiyan din ang mangyayari. Gustung-gusto ko Ito, kayo ba'y hindi?

58 Masdan n'yo ang panganay niyang si Cain, isang mamamatay tao, sinungaling, mandaraya, mainggitin, inggit sa kapatid niya. Tinupad ng kaniyang kapatid ang mga kautusan ng Diyos; gumawa na ang Diyos ng handog ng pagkakasundo sa pamamagitan ng pagpaslang ng isang handog at hinandog Niya iyon para sa kanila. Masdan n'yo ang pagiging ignorante, ni Satanas, pilit itong pinapalitan ng iba. Ang Diyos, ayon sa Biblia, ginawan Niya sila ng mga panaping balat; para makakuha ng balat, kailangang may mamatay. Sinubukang gumawa ni Adan ng mga panapi mula sa mga dahon ng igos. Hindi iyon umubra, ang buhay ng botaniko. Buhay, buhay na gumagalaw ang kinakailangang mamatay. Kaya't pumatay Siya ng mas mababang uri ng buhay, na ang ibig ipakahulugan ay, "Balang araw ay iaalay ang Sarili Kong Buhay alang-alang sa inyo, ang tunay na Buhay na muling magsasauli ng pagkakaisang ito." Ngayon,

dadako tayo riyan sa loob lamang ng ilang sandali, kung loloobin ng Diyos. "Kita n'yo, heto ang buhay ng isang kordero. Ngayon, ibalabal ninyo ito at itago ninyo ang inyong kahubaran." "Huwag kayong kakain ng mansana!" Walang kabuluhan. Kita n'yo? "Ibalabal ninyo ang mga balat na ito." Kinakailangan Niyang pumatay ng isang bagay.

59 At ang anak ni Satanas, hindi sila nagsidating sa paraang nais niya - ginawa niya. Paano mo man itong sabihin, ngunit anak nga siya ni Satanas, sapagkat sa kadalisayan ni Adan sa Diyos, hindi siya maaaring magkaanak ng ganoon. Pansinin n'yo, pagkatapos, itong anak ni Satanas, sa pagsisikap na makapaghandog ng pakikipagkasundo, nagbalik siyang dala ang bagay na siya ngayong sinasabi ng karamihan, isang bungkos na mansanas at mga bungangkahoy ng lupa ang dalang handog para makipagkasundo, iyon umano ang lunas. 105 At ano ang ginawa ng matuwid na si Abel? Alam niyang hindi iyon sa pagkain ng mansanas. Siya ang dugo ng kaniyang ama't ina, ang buhay ni Adan. Kaya't nagdala siya ng kordero, gaya ng ginawa ng Diyos. Alelulia. Tinupad niya ang Salita at nainggit si Cain sa kaniya.

Ganiyan din ang nangyayari ngayon. Magsiparito kayong dala ang dugong handog . . . Ang Salita ng Diyos, kung ano ang nakasaad Dito, diyan kayo manatili. Marami sa kanila ang sasampalataya sa dugong handog, siyanga, ngunit magsasalita - ng iba sa Salita, ang sabi nila, "Oh, hindi, hindi ako naniniwala riyan. Ah - hah-, pa - para iyan sa ibang panahon." Ang dating diablo, ang dati pa ring panlalasi. . . Hintayin n'yong matapos natin ito. Pansinin n'yo, gayon din siyang dumating.

60 Ngunit si Cain sa mangmang niyang pamamaraan, hindi naman gasinong mangmang, kundi sa tusong pamamaraan niya, nadaya siya, at naghandog ng mga bungang-kahoy. Tinupad ni Adan ang . . . Tinupad ni Adel ang Salita ng Diyos; naghandog siya ng kordero. Wika ng Diyos, "Tama iyan, alam mong hindi iyo. . . Saan Ko ba. . . Dahon ba ng igos ang kinuha ko gaya ng ginawa ng iyong ama? Ang handog mo ay isang bungkos ng mga igos, o ubas, o mga mansanas, o anuman ang mga pinagdadala mo rito. At namitas ang iyong ama ng mga dahon ng punong igos upang maghandog para sa pakikipagkasundo, at heto ka at bungang-kahoy naman ang dala mo." Hindi ganiyan iyon. Dugo iyon na nagmula sa buhay.

61 Oh, nilinaw iyon ng Diyos, ang sabi, "Ito iyon." At naghandog si Abel ng tamang handog. Pagkatapos ay - nainggit ang kapatid niya sa kaniya. Tingnan ninyo kung ano ang ginawa niya; pinaslang niya ang kaniyang kapatid. Nagpalitaw muli ang Diyos ng isa pa; tulad ng kamatayan, libing, at muling pagkabuhay ni Cristo. Masdan n'yo. Ang Diyos, kung gayon, ang Kaniyang . . . Ano'ng sabi Niya kina Eva't Adan? "Humayo kayo at magpakarami at kalatan ninyo ang lupa." Pinakalat Niya ang lahi ng tao sa buong lupa, upang magawa Niyang makitungo sa kanila nang isahan hanggang sa magawa Niyang pagsama-samahin silang muli. Nakikitungo Siya sa mga tao, mga indibiduwal, bawat-tao. Ngunit hindi nila gusto iyon.

Huwag n'yong palalampasin ang kapahayagang ito. Diyos, hayaan Mong mangyari ito. Nawa'y makita n'yo ito kung paano ko itong nakikita.

62 Kita n'yo, hindi ganoon iyon; hindi nakikitungo ang Diyos sa tao sa loob ng isang grupo. Hindi nakikitungo ang Diyos sa inyo sa loob ng organisasyon. Nakikitungo Siya sa inyo bilang mga indibiduwal. Isa-isa tayong nababautismuhan sa Espiritu Santo, isa-isa, bawat isa ay nababautismuhan ng Espiritu Santo, isa-isa tayong pinakikitunguhan ng Diyos. Iyan ang layunin Niya, ang ipangalat sila sa ibabaw ng lupa upang magawa Niyang pakitunguhan sila nang isa-isa.

Ngunit sa halip ay ano ang nangyari? Kinailangang ihiwalay ng Diyos ang lipi ni Cain sa lipi ni Seth. Itinaboy Niya si Cain. Pinaghiwalay Niya sila upang magawa Niyang pakitunguhan ang Kaniyang iglesia. Masdan n'yo. Nahiwalay si Cain. Ngayon, masdan n'yo. Hiniwalay ng Diyos ang masamang Cain ni Eva sa banal na Seth ni Adan. Oh. Ginawa nga ba Niya? Dahil sa isang bawal na gawain, ang babaeng ito ay nakisama sa isang - sa ibang lalaki at nanganak ng isang bata, hiniwalay ng Diyos ang batang iyon sampu ng kaniyang lahi sa matuwid at banal na taong ito, sampu ng kaniyang mga anak.

Ganiyan din sa araw na ito: nagkakahiwalay, bukud-bukod, nasumpungan sial, wala silang pagkakaisa. Hindi sila magkaisa. Maari nang makipag-isa ang gabi sa araw? Maari bang makipag-isa ang isang mananampalataya sa isang impidel? Maari bang ang isang taong sumasampalataya sa lahat ng Salita ng Diyos ay makipag-isa sa mga taong bahagi lamang ng Salita ng Diyos ang pinaniniwalaan? Ang nais ng Diyos ay gma taong humihiwalay.

63 Ngayon, anak ni Eva si Cain; ang sabi niya, "Pinagkalooban ako ng isang anak na lalaki." Ngunit anak ni Adan si Seth. At pinaghiwalay sila ng Diyos dahil hindi Niya mapapayagang. . . Aba, maghahawakan sila. Hahawahan ng mga makasalanang anak ni Cain ang mga mabubuting anak ni Seth. Tama. 114 Ngayon, masdan n'yo. At ang matandang Diablo na tumukso kay Eva upang pagdudahan ang isang Salita ng Diyos, at nag-utos sa kanila na maghiwalay sila at ibahin ang pamumuhay nila, bawat isa, ang Diablo ring iyon ang pumasok sa kanilang kalagitnaan at muli silang pinagsama-sama. Nakuha na ninyo? Sabihin n'yo, "Amen" kung nakuha ninyo. [Nagsabi ang kongregasyon ng "Amen" - Ed.] Muli niya silang pinagsama sa silong ng isang hidwang pagkakaisa, isang gawain - laban sa plano ng Diyos. Ano'ng nangyair? Paano niyang nagawa iyon? "Ang mga anak na lalaki ng Diyos, " ayon sa Biblia, sa Genesis,

"nakita nila ang mga anak na babae ng tao." Ang mga anak na lalaki ng Diyos, ang mga anak ni Seth, nakita nila ang mga anak na babae ng tao, mga anak ni Cain, kung gaano sila kagaganda. Ah - hah. At ano'ng ginawa nila? Nagsi-ibig sila sa kanila. At muli silang nakipag-isa dahil sa kagandahan, dahil napakaganda nilang pagmasdan.

64 Ganiyan din sa araw na ito. Naririto na kayo, mga kapatid. Kayong mga lampang Pentecostal, ibinukod kayo ng Diyos at pinalabas Niya kayo upang maging interdenomination. Hindi ninyo maaaring gawing denominasyon ang Pentecostes. Hindi ninyo maaaring gawing denominasyon ang Pentecostes. Pinalabas Niya kayo upang maging bayan Niya. Ngunit nakita ninyo ang mga naggagandahang mga simbahan at ang teolohiya; nagsipagtayo na kayo ng napakaraming naglalakihang paaralan at mga bagay-bagay. At ano'ng ginagawa n'yo? Muli na naman ninyong isinanib ang bayan ng Diyos sa organisasyon, samantalang ang pinakapatibayan nito ay ang Catolisismo. Magaganda, naglalakihang mga simbahan, mga taong magagara ang bihis, ang alkalde ng bayan at lahat ng iba pa ay dito sumisimba, pinakamagara ang bihis, pinakamataas ang pinag-aralan ng mga tao rito, mga teologong matataas ang antas ng aral, alam nila kung paanong pumunta sa isang lugar kung saan lahat ng tao ay nakadamit ng mamahalin, at matikas ang tayo ng pastor. Ano ito? Ang tinitingnan ninyo ay ang mga bagay na isinumpa na ng Diyos. At kinuha ninyo ang Iglesiang Pentecostal (Diyos, tumama nawa ito sa tape.) at ibinuklod ninyo ito sa isang organisasyon. Kailan man ay hindi ginusto ng Diyos na maibuklod ito; ang nais Niya ay maibukod ito, hindi ang maibuklod ito sa sanlibutan.

65 Ang Diablong tumukso kay Eva upang pagdudahan ang Salita ng Diyos at gumawa sa kaniya ng kasamaan, ay muling nagbalik at kinuha niya ang mga anak ni Seth at ipinakita niya sa kanila ang mga naggagandahang kababaihan ni Cain, at muli silang nagbuklod. At hindi sila mga impidel. Hindi sila mga komunista. Hindi, hindi. Mga mananampalataya sila. Ang sabi nila, "Ngayon, baka sakaling may gawin ang Panginoon." O, oh, lahat ng ito na ganiyan. Si - sila'y . . . Ang akala nila ay tama ang ginagawa nila. At ano ang ginawa ng Diyos? Pinawi niya silang lahat, kinailangan Niyang pawiin silang lahat. Sa silong ng hidwang pakikipag-isa. . . Kinailangan Niyang magpadala ng baha uoang ipahamak silang lahat. Dumating ang kahatulan sa hidwang pakikipagisang iyon. Dumating ang kahatulan sa Eden gawa ng hidwang pagkakaisa. Ngayon, mayroon nga bang binhi ang serpente? Nakakahiya kayo.

66 Hidwang pagkakaisa ang naging sanhi ng kahatulan sa lupa kay Eva't Adan sa Eden. Hidwang pagkakaisa nag naging sanhi ng pagbaha ng kahatulan ng Diyos sa lupa dahil inakit ng mga anak na babae ni Cain ang mga anak na lalaki ng Diyos, at kumagat naman sila at muli silang nagbuklod. Hayan ka na. Bulaang pagkakaisa, "Wala namang mangyayari." Ano ang ginawa ng Diyos? Winasak Niyang lahat, lahat maliban sa minamahal Niyang matandang si Noe at ang kaniyang pamilya. Siya . . . Nagkasama-sama sila.

At muli pagkatapos niyon, pagkamatay ni Noe, at ng espirituwal na pamilya ni Noe, hindi nagtagal, muli na namang nagkita ang mga anak ng tao. Ano'ng ginawa nila? Ang sabi nila, "Ngayon, hindi kami mga impidel; lahat kami'y naniniwala sa Diyos." Kaya't kumuha sila ng isang tao, ang pinuno nila, isang dakilang arsobispo na nagngangalang Nimrod, at nagtayo sila ng isang moog. Hindi sila mga impidel. Naniniwala silang may langit. Naniniwala silang may impiyerno. Naniniwala sila sa kaparusahan. Ngunit nagsama na naman ang mga anak ng Diyos at ang mga anak na babae ng tao, at gumawa sila ng isang pagbubuklod, hidwa ito, at nagtayo sila ng isang napakalaking katedral, isang napakalaking organisasyon at ang lahat ng ibang lugar ay - ay dapat magbayad ng parangal dito.

67 At ang sabi nila, "Sasabihin ko sa inyo kung ano ang maaari nating gawin. Alam ninyong matatalino tayo." Saan ba nila nakuha ang karunungang iyon? Mula sa Diablo. Ganiyan nga. Nakuha nila iyon sa Diablo gaya - gaya ng ginawa ni Eva. Galing iyon sa Diablo. Kaya't ang sabi nila, "Magtatag tayo ng isang organisasyon; lulugurin natin ang Diyos. At sasabihin ko sa inyo kung ano'ng dapat nating gawin; gagawa tayo ng mga mumunting baitang. Magtatakbuhan tayo pataas at nag-aawitan tayo at makikipagkasayahan tayo sa mga anghel, pagkatapos ay bababa tayo rito at mamumuhay tayo ayon sa kagustuhan natin." Buhay pa rin ang Diablong iyan hanggang ngayon. Kita n'yo? Salungat iyon sa mga kautusan ng Diyos. Sinuway nila ang mga utos Niya. Ano ang ginawa ng Diyos? Buweno, nagtayo sila ng tore ng Babel, bulaan na naman, kaya't nilito sila ng Diyos at pinaghiwa-hiwalay sila.

68 Muli na namang nagbuklod ang Diyos at pinalabas Niya ang matuwid na matandang si Abraham, ang sabi, "Kukunin kita at bubuo Ako ng isang bansa sa pamamagitan mo." Ibinukod siya ng Diyos. "Lumabas ka sa kaniya, Abraham, iwan mo ang lahat ng bagay." At hindi siya pinagpala ng Diyos hangga't hindi niya iniiwan ang lahat ng bagay; si Lot ang huli. "Lumabas ka, Abraham, ibukod mo ang sarili mo sa mga hindi mananampalatayang iyan. At kukunin kita at bubuo Ako ng isang bansa sa pamamagitan mo. Bubuo Ako ng isang bayang tatalima sa Aking Salita. Bibigyan Ko sila ng pagkakataon."

Naglakbay ang butihing si Abraham sa isang banyagang lupain. Ganiyan ang ginagawa ng lahat ng Abraham, ang maglakbay sa isang dayuhang lupain. Ano? Sinasampalatayanan ang isang pangakong imposibleng maganap, sa pananaw ng tao. Ano sa palagay n'yo ang sinabi ng mga makabagong duktor ni Cain sa araw na iyon? "Whew, naku, isang matandang lalaki, sandaang taong gulang na, magkakaanak

pa sa isang babaeng nobenta anyos na? Oh, nakakatawa naman iyan." Ngunit sumampalataya si Abraham sa Salita ng Diyos. At anumang salungat dito ay itinuring niyang parang wala.

Lahat ng mga bulaang bautismo, bulaang sensasyon, bulaang mga bagaybagay na nagyayari ngayon, ituring lang ninyong wala ang mga ito, sampalatayanan ninyo ang Salita ng Diyos at magpatuloy kayo. Isa lamang iyang batong panisod upang hindi kayo makarating sa tunay. Tama. Sumulong lang kayo, mga anak. Ang Salita ng Diyos, tuparin ninyo ang Kaniyang Salita. Kahit ilan pang mga bagay na bogus ang iharang ng Diablo, mayroon pa ring tunay na Salita ang Diyos at tinupad Niya Ito.

69 Itinuring ni Abraham na mali ang lahat ng bagay na taliwas dito. Mga taga Roma, ikaapat na kabanata, kung isinusulat ninyo. Itinuring ni Abraham ang lahat ng bagay na salungat sa Salita ng Diyos, na tila baga wala ang mga iyon. Tama. Sumampalataya siya sa Diyos, naging matatag siya, kahit gaano pa manghina ang katawan niya, gaano man parang imposibleng mangyari, patuloy pa ring sumampalataya si Abraham. Ngayon, hindi na niya kailangang lumuhod pa doon sa altar at magsabi, "Kung hindi ito mangyayari ngayon din, ang gagawin ko . . . Hindi ko na alam kung dapat pa bang paniwalaan ito o hindi." Nanangan si Abraham dito sa loob ng dalawampu't limang taon bago iyon maganap, ngunit dumating din iyon. Laging ganito ang nangyayari.

70 Mula kay Abraham ay lumabas si Isaac; kay Isaac nagmula si Jacob; kay Jacob naman nagmula ang mga patriyarka, nagpunta sila sa Egipto, sa Egipto, tumubo ang isang bansa. At nang mapatubo na Niya ang bansang ito, ang Kaniyang tagumpay, ano ang ginawa Niya? Muli silang ibinukod ng Diyos. Hindi maaaring magsama ang alinlangan at pananampalataya. Hindi, po. Ibinukod Niya silang muli para sa Kaniyang Sarili. Ano'ng ginawa Niya sa kanila upang matiyak na napamumunuan sila nang tama? Makinig kayong maigi ngayon; kaunting panahon na lang, marahil ay labing limang minuto pa. pinangunahan Niya sila nang husto. Masdan n'yo, nagpalitaw Siya ng isang bansa, pinailalim sila sa mga tagapagturo at mga bagay-bagay. Sinaktan sila, at nagsitangis sila nang nagsitangis at nagpatuloy sila. Ngunit nakatanaw ang Diyos; naalala Niya ang lahat ng ipinangako Niya kay Abraham. Isang araw ay na - naisip Niya . . . Ano'ng ginawa Niya sa kanila? Binigyan Niya sila ng isang Haliging Apoy. Ano'ng ginawa Niya? (Oh, Diyos.) Isinaayos Niya ang Kaniyang iglesia: Isang Haliging Apoy, Espiritung mangunguna sa kanila, isang propetang magsasabi sa kanila ng katotohanan ng Kaniyang Salita. Handa na sila sa paglalakbay. Hindi ba't napakaganda niyan?

71 Humayo sila roon sa ilang, nagsigawa ng mga tanda at kababalaghan, binuksan ang Dagat na Pula, pinababa ang mga salot ng hades kay Faraon. Ay, naku. Nasa harapan nila ang Haliging Apoy (Amen.), pinangunahan sila sa gabi't araw. Aleluia. Isang propeta, tapat sa Salita, nakatayo siya roon, pinananatili silang nakahanay. Amen. Handa na Niyang kunin ang Kaniyang mga anak. Iyon ang unang pagkakataong tinawag silang isang iglesia. Tipo iyon kung ano ang gagawin Niya sa mga huling araw. Dadako tayong muli riyan sa loob lamang ng isang sandali.

Pinalabas Niya sila, binigyan ng kautusan, ibinigay sa kanila ang Kaniyang Salita; binigyan Niya sila ng propeta; binigyan Niya sila ng isang tanda; at isinugo Niya sila sa ilang, ibinukod sila sa kabuuan ng mundo. Ano'ng ginawa nila? Nakita nila ang naggagandahang babae ng Moab, isang malahiningang iglesia na may mga diyos at diyosa at lahat ng iba pa. Ano'ng ginawa nila? Naakit sila sa kanila, nakipag-asawa sila sa kanila. Tama, ganiyan nga ang nangyari. Para kong nakikita ang magagandang babaeng Moabitang iyon ay totoong magaganda.

72 Mayroon akong isang hula na nakalapag doon sa bahay namin, isa sa mga araw na ito ay babasahin ko iyon. At nagtataka kayo kung bakit gano'n na lang kung bakbakan ko ang mga babae. Tatlumpung taon na ang nakalilipas . . . May hawak akong ITO ANG SABI NG PANGINOON. Tatlumpung taon na ang nakalilipas nang pasukin ko ang lingkuran, sinabi Niya sa akin na ang mga kababaihan ay magiging napaka-imoral at napakababa, na sa mga huling araw ay lalabas na sila ang pinakamaruming bagay sa ibabaw ng lupa. Tama. Sinimulan niya ito sa pasimula at gagamitin siyang muli ni Satanas sa wakas. At tingnan n'yo kung ano ang nagaganap, tingnan n'yo ang mga nagdaang taon. Ang sabi, "Patuloy ang kaniyang paghuhubad." At ang sabi, "Isang maliit na kalipunan lamang, ang pinakahirang na nakatalaga ang tanging makatatakas dito."

Nang dumating ang pangitaing iyon, talagang nag-alala ako. Naisip ko, "Ang kababaihan . . . " Binuklat ko ang Biblia, sa Isaias, wari ko'y sa ikalimang kabanata, at ang sabi, "Ang sangang nakatakas mula sa . . . Ang mga anak na babae ng Sion sa araw na iyon ay magiging maganda sa Panginoon."

73 May isang babaeng nagsulat ng katanungan niya nung isang araw; ang sabi niya, "Brother Branham . . ." O, hindi, lalaki pala siya, isang ministro. Maaaring naririto siya sa umagang ito. Tagarito lang siya sa Ohio. At ang sabi niya, "Nais naming sabihn kung ano ang sinasabi mo, ngunit may natuklasan kami sa mga tape mo na hindi tama." Kaya't dinala ni Billy ang sulat sa akin. Ang sabi, "May sinabi ka sa tape mo," aniya, "na taliwas na taliwas, Brother Branham, sa Salita ng Diyos. At nais naming - nais naming maging magkapareho ang sinasabi natin." Ang sabi, "Ang isang katanungang nais kong itanong sa iyo; ito'y nasa I Corinto kabanatang 11, at ang tinukoy dito ay ang lambong ng ulo ng babae, at ang

kalalakihan daw ay hindi dapat maglambong." Ang sabi, "Iyan ang paniwala namin. Na dapat magsuot ng sumbrero ang kababaihan sa loob ng simbahan, at ang kalalakihan naman ay dapat maghubad ng kanilang mga sumbrero sa loob ng simbahan." Ang sabi, "Naniniwala kami sa pagtatakip ng ulo, at iba pa." at ang sabi pa, "At ang isa pang tanong ay may mga taong nagpupunta sa amin at nagsasabing sinabi raw sa iyo ng Anghel ng Panginoon ang lahat ng bagay. Lahat umaano ng sinasalita mo ay galing sa Anghel ng Panginoon. At, Brother Branham, napakahirap kalabanin ang isang bagay na tulad niyan," ang sabi, "sa loob ng aking iglesia." Ang sabi, "Nais naming magkapareho tayo ng sinasabi. Ngayon, Brother Branham, hindi kaya sa palagay mo nagkakamali ka nang kaunti riyan?

Sumagot ako, "Mahal kong kapatid, hindi ako nagkamali. Sa I Corinto, kabanatang 11, ang sabi'y dapat lambungan ng babae ang ulo niya, at bakit? At sa talatang 15 ay sinasabing ang mahabang buhok niya ang ipinagkaloob sa kaniya upang panakip, hindi sumbrero." Masyado na kasing matagal ang pagkakasakop ng espiritu ng Catolico sa iglesia. Ang mahabang buhok niya ang lambong niya. Hindi ba't ang katalagahan din. . .

74 At tingnan n'yo, pagkatapos ay nagbalik ang katanungan, may nagtanong sa akin kamakailan lang. . . Ipapaliwanag ko ito yamang napadako na ako rito. Ang sabi niya, "Buweno, ang sabi ng Biblia ay dapat siyang magpahaba mg buhok dahil sa mga anghel. Ano'ng kinalaman ng mga anghel sa babae."

Ang sabi ko, "Ano nga ba ang anghel? Isa siyang mensahero." Ano'ng sinasabi ni Pablo? Kung may isang mensahero, isang anghel na mula sa Diyos na daraan, makabubuting mahaba ang buhok mo. Ikukundena niya ang bagay na iyan. Tama. Ilan ba ang nakakuha - nakakaalam na ang anghel ay isang mensahero? Tamang-tama nga. Ang mensaherong isinugo mula sa Diyos, kukundenahin niya ito. Ang sabi, "Makabubuti kung mahaba ang buhok mo, dahil sa mga anghel." Ang mensaherong iyon na isinugo mula sa Diyos, kung dadaan siya ay kukundenahin nila ang bagay na iyan. Siyanga, sapagkat ang tunay na mensaherong isinugo ng Diyos, ang isang anghel ay kakabit ng Diyos, at hindi mabibigo ang Salita Niya. Tamang-tama. Ang sabi ni San Pablo doon, na kung may - kahit pa anghel na mula sa Langit ang dumating at magturo ng iba, masumpa siya. Tama. Ngayon, makikita nating iyan ay totoo; dapat ay mahaba ang buhok niya; iyan ang lambong niya.

75 Ngunit para kong nakikita na ang naggagandahang mga babaeng Moabitang ito ay talaga namang napakagaganda; marahil ang ayos nila ay gaya ng mga modernong Jezabel ng araw na ito. Ngunit gayon man ay hindi ko naman nilalahat ang babae. Sa palagay ko ang isang tunay na babae ay isang hiyas. Purihin ang Diyos sa isang tunay na babae. Sila ay mga lingkod ng Diyos. Ngunit ang tunay na babae ay tulad ng isang tunay na lalaki; susunod sila sa Diyos anuman ang sabihin ng Diablo, o anumang bulaang bagay.

At ang sinasabi nila, "Sinabi ng pastor namin na walang masama kung gagawin namin ito." Hindi mahalaga sa aking kung ano ang sinabi ng pastor mo. Kung taliwas ito sa Salita ng Diyos, kasinungalingan ang salita niya, at ang sundin mo ay ang Salita ng Diyos. Kahit ano pang denominasyon iyan o kung sino man siya, kung mayroon siyang sasabihing anuman tungkol dito, sabihin mo sa kaniyang ang tingnan niya ay ang Salita ng Diyos. Ganiyan nga.

76 Oh, maaari tayong magpatuloy at makikita nating ibinubukod sila ng Diyos. Kakailanganin nating tumigil sandali. Mayroon akong mga Kasulatan dito na gusto kong lampasan upang maka - magmadali tayo pasa makadako na tayo sa wakas. At nang . . . Ano'ng nangyari nang maganap iyon doon, ang tungkol sa mga babaeng Moabita? Kinakailangan silang muling ibukod ng Diyos. Ano'ng ginawa Niya?

At dumating si Jesus, ang hayag na larawan ng Diyos, ang Binhi ng babae, binuo mismo ng Diyos. Ang dakilang arkitekto ay bumuo ng isang katawan para sa Kaniyang Sarili. Hindi na Niya kailangang manghiram ng kahoy kanino man, galing sa babae o sa lalaki . . . ? . . . Bumuo Siya ng bahay para sa sarili Niya. Ay, naku.

77 Iniisip ko si Esteban sa araw na iyon nang tumayo siya, ang sabi, "Kayong mga hindi tuli ang puso at tainga, kayong matitigas ang leeg, lagi ninyong nilalabanan ang Espiritu Santo; kung ano ang ginawa ng inyong mga magulang ay siya rin ninyong ginagawa." Ang sabi, "Ipinagtayo Siya ng bahay ni Solomon, ngunit ang Kataas-taasan ay hindi nananahan sa mga gusaling ginawa ng kamay, ngunit isang katawan ang Iyong inihanda para sa Akin."

Hindi na Niya kinailangang manghiram pa ng kahoy kung saan. Hebreo, kabanatang 11, wari ko'y sa ikalawa o ikatlong talata, ang nagsabi na nag sanlibutan ay nalikha sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, ang mga bagaybagay ay nilikha mula sa mga bagay na hindi nakikita. Sinabi lang ng Diyos, "Magkaroon nawa," at nagkaroon nga, hindi na Niya kailangang magtungo kung saan at sabihin, "Ginoong Buwan, maari mo ba akong pahiramin ng kaunting kahoy." Ginoong Bituin, maari mo ba akong bigyan ng kaunting calcium?" Hindi ginagawa iyan ng Diyos.

78 Hindi na Niya kinailangang sabihin, "Maria, pahiram nga ng itlog mo; nais Kong gumawa ng isang katawang maaari Kong tahanan." Ang Diyos na Manlilikha ay nangusap, at kaagad siyang naging isang

ina. Hindi siya ina; isa lamang siyang taong babaeng nagdala ng Kaniyang Binhi. Tama. Alalahanin, hindi siya ina ni Jesus. Iyan ang sabi ng sanlibutan. Hanapan mo ako ng kahit isang talata sa Kasulatan kung saan ay tinawag Niya siyang ina. Ngayon, magbalik kayo sa Salita. "Ina ng Diyos," nakakahiya kayo. Kita n'yo.

Isang araw ay may mga taong nagsabi sa Kaniya, anila, "Nasa labas ang Iyong ina, hinahanap Ka."

Ang sabi Niya, "Sino ang Aking ina?" Tiningnan Niya ang mga alagad Niya, at ang sabi, "Ang sinumang tumutupad ng kalooban ng Aking Ama, siya ang Aking ina." 142 Hindi Niya siya ina; isa lamang siyang incubator. Magagawa ng Diyos na gumamit ng iba, ngunit nais Niyang kunin ang pinakamababa sa lahat upang maipakita Niya kung ano ang maaari Niyang gawin dito, ibabangon Niya ito, at gagawa Siya ng isang bagay mula sa wala, ganiyan ang Diyos.

Dumating ang hayag na larawan, si Jesus, ang Imakulada, ang Kaibig-ibig, ang Pinakamaganda sa sampung libo, ang Lirio ng Lambak, ang Rosa ng Sharon, oh, ang Tala sa Umaga. Ano Siya? Ano ba ang ipinarito Niya? (Makinig kayong maigi ngayon.) Upang pagtibaying muli ang pagkakaisa ng Diyos at tao. Oh, nakikita mo ba, kapatid?

79 Lahat ng mga tore ng Babel nila sampu ng lahat ng iba pang bagay noon ay hindi umubra. Lahat ng prutas sa halamanan at lahat ng iba pa ay hindi nakalugod sa Diyos. Kaya't bumababa ang Diyos at nabuo Siya sa sinapupunan ng isang babae, sa pamamagitan ng Kaniyang Sarili ay lumikha Siya ng katawan para sa Kaniyang Sarili, at naging Immanuel, ang Diyos na kasama natin: hindi Siya Judio o Hentil, kundi Diyos. Hindi Siya Judio; hindi Siya Hentil; Diyos Siya. Pareho rin ang pagpapahalaga Niya sa mga Hentil sa anumang pagkakataon, kanya nga lamang ay sinikap Niyang ibukod ang Judio bilang isang bansa. Sinikap Niyang gawin ang lahat upang maipanumbalik ito, at ang tanging paraan upang maitatag Niya ito ay ang magbalik Siya sa isang tao na gaya Niya nung pasimula. Ganiyan din ngayon sa isang indibiduwal: hindi sa isang denominasyon, hindi sa isang organisasyon, hindi sa isang lupon ng mga tao; kundi sa isang indibiduwal. Pansinin n'yo, upang muli Niyang maitatag ang pagkakaisa ng Diyos at tao . . .

80 Isa Siyang handog para sa kasalanan. Ang mga tupa, kambing, at iba pa ay hindi makapag-aalis ng kasalanan. Ngunit ang buhay . . .Sapagkat kapag ang hain ay pinatay na at ang buhay ng isang kordero, ang pinakawalang malay sa lahat, ay hindi na maaaring magbalik, ang buhay na iyon, sa mananampalataya, sapagkat isa siyang taong may kaluluwa, at ang mga tupa ay walang kaluluwa.

Kita n'yo, walang ibang may kaluluwa maliban sa tao. Inilagay ng Diyos ang . . . Isa rin siyang anyo ng hayop (Totoo 'yan.), ngunit nilagyan Niya siya ng kaluluwa, iyang ang kaibahan niya sa mga hayop. Nalaman niya ang tama at mali nang mapunta sa kaniya ang kaluluwa. Ngunit siya . . . Alalahanin n'yo nang likhain ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang larawan, at siya ay naging kaluluwang may buhay . . . Kita n'yo, nagkagayon siya, nalalaman niya ang tama at mali.

81 Ngayon, pansinin n'yo. Ngunit ngayon, dito, dumating si Jesus at Siya ay Diyos. Hindi lamang buhay ng isang tao ang maaaring bumalik sa isa pang tao, kundi ang pinaka Buhay ng Diyos, dahil dito'y nagiging anak siya ng Diyos, ibinabalik siya sa dating pagkakaisang kinalalagyan niya bago mangyari ang pagkalugmok. Ngayon, dumadako na tayo sa tunay na pagkakaisa. May mga tao, may nagsabi sa akin, "Brother Branham, hindi ka ba oneness?" Hindi ang organisasyong oneness. Ngunit ako ay oneness (kaisa) ni Cristo (Kita n'yo?), ngunit hindi ang organisasyong oneness.

Binayaran na Niya ang pagkakautang na kasalanan, upang magawa Niyang pagkaisahin ang Diyos at tao. Hindi magagawa iyon ni Jesus habang naririto pa Siya sa katawang laman.

Kaya't kailangan Niyang maging ganap na handog para sa kasalanan upang maalis ang pagkakasala ng mananampalataya (Kita n'yo?), aalisin iyon upang ang Espiritu Santo ay makapanahan sa tao, at upang muling pagkaisahin ang Diyos at tao. Kita n'yo, kailangang magkaroon ng isang bagay upang muli itong maitatag.

82 Ngayon, ano ba ang maaaring muling magtatag nito? Kapag natupad na ang utos ng Diyos. Magagawa ba itong tuparin ng isang Anghel? Wala siyang dugo. Maari bang tuparin iyon ng Diyos? Wala pa Siyang dugo noon. At naging laman at dugo ang Diyos upang magawa Niyang bayaran nang wasto ang pagkakautang at nang maalis ang kasalanan, dahil iyon lamang ang tanging paraan. Ang mga tore ng Babel na nagpangalat sa kanila sa buong lupa, lahat ng iba pa, ang mga organisasyon at mga bagay-bagay ay nabigo nang lahat; pinagsasama-sama sila, ang sanlibutan at lahat na; ngunit ito ay nakatakdang maging isang ganap na paghihiwalay. Luwalhati.

Ngayon, pakiramdam ko'y relihiyoso ako. Buweno, pakiramdam ko'y maari ko nang kunin ang teksto ko ngayon at nang makapagsimula na akong mangaral. Ngayon pa lang ako umiinit at parang ngayon pa lang ako nagsisimula, at oras na upang tumigil ako. Hm. Marahil ay tatapusin ko na lang ito sa ibang pagkakataon, ang pagkakaisa ng Diyos at tao. Nauunawaan ba ninyo? Lahat ng nakakaunawa, sabihin

ninyo, "Amen." [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen." - Ed.]

83 Kita n'yo, iyan lang ang tanging paraan upang makabalik ang tao sa kaniyang dating kalagayan, ang mabayaran ang multa ng kasalanan. Ang multa ng kasalanan ay ano? Kamatayan. "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." At sinabi ng Diyos, "Sa araw na kainin mo iyon, sa araw na mangyari ang pakikipagrelasyon mo, sa araw ding iyon ay mamamatay ka." At nang mangyari nga iyon, sinira nito ang kaniyang kaugnayan, pakikisama at lahat sa tao, at hindi na niya magawang magbalik hangga't hindi nababayaran ang multa. At walang karapat-dapat magbayad niyon, sapagkat kasamang nalugmok ng tao ang lahat, sapagkat ang lahat ng nilalang ay sakop ng tao, at nahulog siya. Luwalhati. Oh, kapatid.

84 Brother Mac, hindi kita nakitang nakaupo riyan, pagpalain ka ng Diyos. Ito ang paniwala natin, Brother Mac. "Sumailalim tayo sa multa ng kasalanan . . . " Si Brother Mac ang dating nagpapastor dito sa Tabernakulo nang umalis ako. Siyanga. Ngayon . . . Isa pang butihing datihang Baptist, Missionary Baptist na may Espiritu Santo . . . Kita n'yo. Pansinin n'yo ngayon, nakipag-isa sila sa Diyos.

85 Ngayon, kapag nakita natin ito . . . Kita n'yo, kailangang mabayaran ang multa, at walang . . . Ang pinakamataas na anyo ng buhay ng hayop ay ang tao, at nalugmok ang tao. Kaya't paanong magagawang iligtas ng isang tao ang kapuwa niya tao? Kinakailangan ang Diyos. At ang Diyos sa anyong Espiritu, ay hindi mamamatay. Kaya nga, kinailangang ibaba ng Diyos ang sarili Niya nang mas mababa pa sa mga Anghel," unang kabanata ng Hebreo, unang talata. Kailangan Niyang ibaba ang kalagayan Niya kaysa sa mga Anghel upang danasin Niya ang kamatayan upang mabayaran Niya ang multa nang sa gayon ay maisauli Niyang muli ang pagkakaisa ng tao at ng Diyos, nang sa gayon ay makabalik ang Espiritu Santo. Bayad na ang pagkakautang na kasalanan. Kinailangang gawin ito ni Jesus upang maisugong pabalik ang - ang - ang Espiritu Santo upang muli Nitong pagbuklurin ang tao gaya nang dati sa halamanan ng Eden. Nabayaran na ang pagkakautang nang mamatay si Jesus. Iyon na ang nagsaayon nito. Amen, brother. Kung magagawa ko lang na ipaunawa ito. Kita n'yo.

Bayad na ang utang. Aleluia sa Kordero. Bayad na ang utang. At bawat lalaki at babaeng nakikinig sa akin sa umagang ito, o makikinig sa akin sa tape, bayad na ang multa ninyo. Huwag na ninyo muling pagdududahan ang Salita ng Diyos. Magbalik kayo sa Salita. Huwag ninyong paniniwalaan . . . Siya ang Salita. Luwalhati. Parang gusto kong sumigaw, tapatan ito, parang gusto kong sumigaw. Bayad na ang multa. Tapos nang lahat. Hindi katakatakang nagsigawan ang mga Anghel at nag-awitan sila, at ang mga makalangit na awitin ay umalingawngaw. Opo, nahanap na ang nawawalang mga tupa. Mayroon nang handog na inalay para sa kaniya upang maipanumbalik siyang muli, ang tubig ng paghihiwalay, ang Salita ng Diyos na humuhugas sa kaniyang kalikuan, nang mamatay ang Salita sa halip ko at muling nabuhay at nagkaroon ng tanging kapamahalaan sa buhay ko, sa puso ko. Amen.

86 Bayad na ang multa. Tapos na. Natubos na tayo, hindi ng Simbahang Catolico, bagama't tayo ang tunay na mga catolico, ang apostolikong catolico. Siyanga, po. Hindi ang Romano Catolicong may mga dogma, itinatanggi nila ang Salitang ito gawa ng kanilang mga dogma; lahat na lang ay dogma ninyo, hindi ang Salita. Mga Metodista, mga Baptist, nakakahiya kayo, maibigin sa kalikuan kaysa sa Diyos. Maibigin sa kalayawan, hanap ay sanlibutan, mga kasiyahan, mga kinatay na baboy na ukol sa kulungan. Isinusugo ng Diablo ang mga kasangkapan niya at pilit ipinalululon ang bagay na iyan sa inyo gaya ng ginawa ni Satanas sa halamanan ng Eden. "Buweno, lahat ng ministro namin ay may pinag-aralan. Mayroon silang Ph.D., LL.D." Walang kabuluhan iyan. Kung itatanggi ninyo ang Salita, panlalansi pa rin iyan ng Diablo. Pinatunayan ko iyan sa inyo sa pamamagitan ng Salita kaninang umaga; na sa inyo na iyan mula ngayon.

87 Ang mga alagad, kasa-kasama pa nga nila si Jesus, wala silang pagkakaisa. Wala silang anumang pagkakaisa. Wala, nagtalu-talo sila, "Sino ba ang magiging obispo pagkatapos nito. Sino ba ang pinakadakila sa ating lahat?" Ni hindi nila mapaniwalaan si Jesus. Hindi nila siya maunawaan. "Nagsasalita Ka ng mga talinghaga. Sabihin Mo sa amin nang malinaw kung ano ang ibig Mong sabihin." Walang pagkakaisa sa pagitan ni Jesus at ng mga alagad, o sa pagitan ng mga alagad at ni Jesus, at maging sa pagitan ng mga alagad.

Kahit ano pa nga, iyan ang nagpapakita sa iyo, kapatid. Makinig kayong maigi ngayon; nais kong bumaon ito nang malalim sa inyong mga puso. Kita n'yo? May plano ang Diyos. Sa labas ng planong iyon, kahit pa gaano karaming karunungan ang nasa likod nito, kahit pa milyung-milyon ang halaga ng mga gusali, gaano man karami ang mga paaralan ng teolohiya, gaano man karaming banal na tao at banal na ganito, at banal, banal, banal, walang kaibahan iyan; kung mayroon itatangging kahit isang Salita sa Biblia, sa Diablo iyan. Ngayon, pinatunayan ko iyan sa inyo sa pamamagitan ng nasulat na Salita ng Diyos mula sa Bago hanggang sa Lumang Tipan, at dadalhin ko pa nga hanggang sa araw na ito kung sasamahan lang ninyo ako ng ilang sandali . . . ? . . .

88 Ang mga alagad na kasa-kasama ni Jesus, kasama Niyang natulog, kasama Niya sa pagkain, nakasaksi sa Kaniyang mga himala, at naging kasama Niya, singlapit ng sino mang kapatid, gayon man ay hindi nila taglay iyon. Hindi sila karapat-dapat mangaral ng Ebanghelyo. Ang sabi ni Jesus, huwag na

kayong mangangaral; ni huwag kayong susubok. Maghintay kayo roon sa bayan ng Jerusalem. Isusugo Ko ang pangako sa inyo. Iyon na ang magbubuklod sa inyo." "Ngayon, Ama, idinadalangin Ko na magkaisa sila kung paanong Ikaw at Ako ay iisa. At Aking . . . Kung paanong isinugo Ako ng Ama upang mangaral ng Ebanghelyo, isinusugo Ko rin naman kayo." At ang Amang nagsugo sa Anak, ay pumasok sa Anak. Ang pagkakaisa ay iisa. Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong paniwalaan. Nguni't kung ang mga gawang Aking ginagawa ay nangungusap nang napakalakasm ganap kayong bingi, pipi, at bulag kung hindi ninyo ito nakikita." Oh, kapatid, whew.

Ang sabi, "Kayong mga mapagpaimbabaw, nababasa ninyo ang mukha ng langit, ngunit hindi ninyo mabasa ang mga tanda ng panahon. Kung nakilala sana ninyo Ako, dapat sana'y nakilala ninyo ang Aking panahon. Mahusay ang pagkakahula sa inyo ni Isaias. May mga tainga kayo at napakabingi ninyo't hindi kayo makarinig. May mga mata, at napakabulag ninyo't hindi kayo makakita . . . "

Tama ang pagkakasabi ni Apostol Pablo, "Sa mga huling araw ay magtataglay sila ng anyong makadiyos at itatanggi nila ang kapangyarihan nito," at patung-patong na Kasulatan, kung ano ang magaganap sa loob ng mga organisasyong ito sa mga huling araw.

Pagkatapos ay nagtataka sila kung bakit nilalabanan ko sa pangangaral ang gawang-taong sistemang iyan ng Diablo. Nakikita ko ang mga minamahal na anak na naaakit doon tulad ng mga tupang inaakay sa katayan . . . Ilabas Mo sila, Panginoon.

89 Oo, walang pagkakaisa ang mga alagad. Hindi nila nauunawaan si Jesus. Ang sabi nila, "Aw, sino nga ba ang makauunawa ng mga bagay na ito?" Kita n'yo, wala pa kasi sa kanila ang Diyos. Nagkaroon lang sila ng kaugnayan sa Kaniya gawa ng pagsama-sama nila. Maraming mabubuting tao ang ganiyan ngayon. Hindi sila umiinom, nagsisinungaling, nagnanakaw, o anuman, ngunit wala pa sa kanila ang pakikiisa ng Diyos. Hindi pa sila nakikipag-isa sa Diyos. Kita n'yo, hindi maaari. Oh, nakagawa sila ng mga himala. Nagpalayas sila ng mga diablo. Hindi iyan - iyan . . .

Nabasa ko ang isang sulatin sa pahayagan nung isang araw tungkol diyan, tungkol sa pagpapalayas ng mga diablo. Sinasabi nilang nagagawa nila iyan. Hindi niya magagawa iyan kung hindi siya sang-ayon sa Salita ng Diyos. Sinabi iyan ni Jesus.

90 Ngayon, at dumating ang Pentecostes; muli na naman silang pinagbuklod ng Diyos. Ay, naku. At nagkaroon sila ng pakikipag-isa sa Diyos. Ngayon, sa Mga Gawa, kung sinusulat ninyo, Mga Gawa 4:32, ang sabi ng Biblia, nagkaisa sila sa puso, sa kaluluwa, at sa diwa. Oh, kapatid. Bakit? Naibalik silang muli sa orihinal. Ang tanging natitirang kailangan nilang iwaksi ay lumang bayan, o nakatira sila rito, ang lumang katawang tinaguriang isang bayan o isang templo, na kanilang tinirhan dito, na kailangang mabulok, dahil kailangan itong mamatay at mabulok. Ngunit sa espiritu, at buhay, at sa layunin, at sa pangitain, at sa lahat ng bagay, kaisa nila ang Diyos.

Oh, Adan, kaibigan kong nalugmok, huwag mong hayaang muling makapagsinungaling si Satanas. Huwag mong hahayaang mangyari iyan. Huwag mong hahayaang sabihin sa iyo ni Satanas na iba ang pakahulugan ng Salitang iyan kaysa sa nakasaad. Tama. Ang kahulugan ng Salita . . . Siyanga, dito hindi pa . . .

91 Nangungusap ako noon tungkol sa bautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo. Tama, dumating noon ang kapahayagan tungkol dito. Iyan ang katotohanan. Ngunit ano ba ang ginawa ng isang kalipunan ng mga tao? Nagtipun-tipon sila rito at bumuo sila ng isang denominasyon batay dito, gumawa sila ng panibagong tore ng Babel, gano'n din, balik na naman doon. Tiyak nga. Gayon din ang ginawa ni Luther. Gayon din ang ginawa ni Wesley; gayon din ang ginawa ni John Smith, gayon din ang ginawa ni Alexander Campbell. Gayon din ang ginawa ng Pentecostes. Nakikitungo ang Diyos sa mga indibiduwal na tumutupad ng Kaniyang Salita. Ang tanging plano ng Diyos upang mag-akay ng mga mananampalataya sa Kaniyang Sarili sa isang tunay na pakikipag-isa ay ang pagtanggap sa Espiritu Santo. At narito ang paraan . . .

Maaaring sabihin mo, "Buweno, Brother Branham, nagsalita ako ng iba'tibang wika. Sumigaw ako." Kung taglay mo pa rin ang ganiyang uri ng espiritu at itinatanggi mo ang Salita ng Diyos, wala sa iyo ang Salita ng Diyos; wala sa iyo ang Espiritu. Kung uupo kayo't makikinig sa pangangaral ng Katotohanan, at sasaliksikin ninyo ito sa Biblia, at makikita ninyong Katotohanan nga Ito, pagkatapos at tatanggi kayong tuparin ito, hindi iyan Espiritu ng Diyos. Kahit gaano ka pa kadalas magsalita ng ibang wika, gaano ka man magsisigaw, gaano man karaming iglesia ang sapian mo, o ilang ulit ka mang mabautismuhan, o ano pa man iyon. Ang Salita ay katotohanan. Iyan ang bumibindika sa katotohanan. Kung nasa iyo ang lahat ng iba pang katotohanang ito at nakahanay ka pa sa Salita (Amen.), kung gayon ay alam mong pauwi ka na.

92 Maaari bang . . . Paanong magagawa ng Diyos na sumulat ng Biblia ang tumalikod at palitan ng iba ang Kaniyang Salita? Kayong mga Catolico na nagsasabing si Pedro ay nakalibing sa inyong simbahan, at ang espiritu niya ang nagbibigay sa inyo ng karapatang mag-alis ng mga kasalanan at mga bagay-bagay,

paanong magagawa ni Pedro, na isang Judio, ang tiising may mga diyus-diyosan sa loob ng simbahan? Paanong itatangging sabihin ni Pedro na dumating ang bautismo ng Espiritu Santo, at nagsalita siya ng ibang wika, sampu ng mga makapangyarihang gawang ginawa niya, pagkatapos ay tatalikod siya at sasabihinh kanin n'yo ang ostiyang iyan, at nariyan ang Diyos sa ostiyang iyan? Oh, kamangmangan iyan, espirituwal na kamangmangan. 170 Buweno, ngayon ganiyan din kayong mga Protestante, lalapit kayo't makikipagkamay sa mangangaral at sasabihin ninyo, "Tinatanggap ko si Jesus bilang sarili kong Tagapagligtas," pagkatapos ay magbabalik at mamumuhay kung paano mong gustong mamuhay, at patuloy pa ring nakikisama sa sanlibutan, isa na namang tore ng Babel.

93 Malapit na tayong magwakas. Masdan n'yo. Isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo, at ang Espiritu Santo ay ang Diyos din mismo. Siya ang bubuo ng pagkakaisa ng Diyos at tao. Alamin natin. Ngayon, ating . . . Ngayon, nais kong kunin ang buong pansin ninyo sa susunod na mga limang minuto. Masdan n'yo.

Ang tao sa ilalim ng plano ng Diablo, sinikap niyang gawing denominasyon ang iglesia upang pagkaisahin ito. Sinubukan na nilang pagaralin ang iglesia upang pagkaisahin ito, alam n'yo iyan, sa pamamagitan ng edukasyon, sa pamamagitan ng denominasyon. Sinisikap nila ngayon, ang Pandaigdigag Konseho ng mga Iglesia, kasalukuyan nilang sinisikap na pagsama-samahin at pagkaisahin ang lahat ng Catolico at Protestante. Ano ito? Plano ng Diablo.

Sasabihin mo, "Napakaliit mo para magsalita ng ganiyan." Totoong napakaliit ko, ngunit ang dakilang Salita ng aking Diyos ay napakalaki, iyan ang sasabihin ko sa inyo. Langit at lupa'y lilipas, ngunit Iyan ay hindi. Hindi mahalaga kung sino ang nagsasalita, kung Siya na unang nagsalita. Sinasabi ko lang kung ano ang sinabi Niya; ipinahahayag ko ang Kaniyang Salita.

Sakop ito ng Diablo. Napatunayan iyan dito sa Salita, kaninang umaga, sa harapan ninyo, na ito nga'y sa Diablo. Alin man sa mga organisasyong iyon ay sa Diablo.

94 Ang mga taong sakop ng plano ng Diablo ay nagpipilit na bumuo ng denominasyon upang pagkaisahin ang mga tao. "Lahat kayo'y magsisapi na sa Assemblies of God. Sumapi kayo sa oneness. Sumapi kayo sa Church of God. Sumapi kayo sa Metodista. Iisa tayong lahat." Lipon kayo ng mga mapagpaimbabaw, may anyo ng kabanalan at itinatanggi ang kapangyarihan nito. At ang Salita ng Diyos ay ipinaglaladlaran sa inyong harapan at natatakot kayong atakihin Ito. Bakit hindi magpakita ang Diyos kung gayon, kung kakampi ninyo ang Diyos? Bakit hindi ninyo magawa ang mga gawa ng Diyos? Paano ninyong nagagawang taglayin ang anyo bago lilibot kayo, at tinatanggi n'yo Siya, tapos ay babansagan ninyo ang mga tunay gawa ng Diyos na Beelzebub? Nagpapakita lang ito, na kayo'y isang bungkos lamang ng mga edukadong kasapi ng iglesia. Ang sabi ni Jesus, "Kayo'y sa inyong amang Diablo." Tama. Tiyak kong nauunawaan ninyo kung ano'ng gusto kong sabihin. Tiyak nga. Bakit hindi magawang atakihin ito ng kahit na sino? Alam kasi ninyong ang Diyos ang nasa likod nito. Kikilos ang Diyos kasabay ng Kaniyang Salita.

95 Ganiyan ang gawi ng tao. Nagtatayo na naman ng panibagong tore ng Babel. Ano'ng ginagawa niya? Pinipilit nilang magpakita ng . . . Tingnan n'yo ngayon itong Pandaigdigang Konseho ng Iglesia. Ang Anglican, ang Romano Catolico, ang Metodista, ang Presbyterian, ang mga Pentecostal, at lahat ng mga ito ay nagkakaisa na, ang Christian Science, at napakaraming mga kultong tumatanggi pati nga sa birheng pagsilang, itinatanggi ang kadiosan ni Jesus ginagawa Siyang tatlong persona, pinipilit sumamba sa tatlong diyos, itinatanggi ang birheng pagsilang. Ang iba pa nga sa kanila ay tumatanggi sa Dugo. Ang iba sa kanila ay tumatanggi sa Kaniyang mga himala. Lahat sila, halos, ay tumatanggi rito. At pagkatapos ay pipilitin nilang pagkaisahin ang mga iyon, paano nilang magagawa ito? Isa itong toreng gawa ng tao. Babagsak itong kagaya ng nangyari sa Babel.

96 Ngunit ang sabi ng Diyos, "Hindi sa kapangyarihan, hindi sa lakas; kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, ang sabi ng Panginoon, ganiyan ko pinagkakaisa ang aking iglesia. Hindi sa pamamagitan ng organisasyon, hindi sa pamamagitan ng edukasyon, hindi sa pamamagitan ng mga teologo; kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon, pagkakaisahin Ko ang Aking mga tupa." Ay, naku. At kapag ginawa na Niya ito, ano ang mangyayari? At ang Kaniyang mga tanda ang magpapatotoo sa mga ito. Kaya nagawang sabihin ng Israel bago pa man sila makihalo sa Moab. May Haliging Apoy sa itaas nila. Siyanga po. Ano'ng gagawin Niya? Magpapatotoo Siya, ng dati ring patotoo. Ngunit matapos silang mawalay sa Diyos at lahat, nasira ang pagkakaisa sa pagitan nila ng Diyos, at nakipag-isa sila sa ilang sa loob ng apatnapu pang taon, hanggang sa muling magpalitaw ang Diyos ng panibagong grupong makatatawid at gaganap sa Kaniyang plano. Ganiyan nga ang ginawa nila.

97 Ngayon, tingnan n'yo. Ngunit kapag pinagkaisa ng Diyos ang isang iglesia sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu, tataglayin nila ang mga tanda ng Diyos na buhay sa kanilang kalagitnaan. Ano'ng uri ng tanda? Nang ihiwalay ng Diyos ang Israel sa Egipto, binigyan ng Diyos si Moises ng tandang Haliging Apoy (Tama ba?), isang propeta. Nang ihiwalay Niya si Abraham kay Lot, may isang Anghel na lumapit sa kaniya, na nakakikilala ng mga layon at haka ng puso: tanda. Aleluia.

Ngayon, ang mga denominasyon ito na nagsisama sa iglesiang ito, ay nagsisikap bumuo ng isang

pagkakaisang tulad ng nangyari sa Egipto, tulad ng nangyari sa - sa Eden, at iba pa, sa ilalim ng dakilang impluwensiyang ito, sila ay . . . 180 Ngunit tingnan n'yo. May gusto akong itanong sa inyo. Nang ibukod ng Diyos ang Israel, binigyan Niya sila ng isang tandang sobrenatural, isang Haliging Apoy. Binigyan Niya sila ng isang propeta. Ano'ng ginawa Niya kay Abraham? Ano ba ang lagi Niyang ginagawa? Ipinakita n'yo sa akin ang isang propetang itinalaga ng Diyos sa kalagitnaan nila. Pinagbubuklod Niya ang Kaniyang iglesia sa pamamagitan ng mga apostol at mga propeta at mga guro, at mga ebanghelista. Aleluia. Hayan ka na. Isa na namang iglesia, gaya nang tawagin Niyang palabas ang Israel. Sinabi ko na sa inyong babalikan ko ito. Opo.

Walang propetang itinalaga ng Diyos sa kalagitnaan nila (Wala, po.) di gaya ng naganap sa Israel at sa iba pa. Ano ito? Isa na namang tore ng Diablo.

98 Ngayon, napakalapit na ng pagdating, ang ikalawang pagdating ni Jesus, tinitipon na Niya ang Kaniyang mga hinirang. Iyan ang paniwala ko. Oh. Magbubuhat sila sa Silangan at Kanluran. Kung nasaan ang bagong katay na hayop, doon magkakatipon ang mga agila. Ay, naku, ano ito? May taglay Siyang pagkakaisa, ang Kaniyang tunay na pagkakaisa, ipinakikita Niyang kasama natin Siya; buhat sa bawat denominasyon, tinitipon ang Kaniyang mga hinirang mula sa lahat ng uri ng mga iglesia, mula sa lahat ng dako, inilalabas ang Kaniyang mga anak, ganap na humahanay sa Kaniyang Salita. Ano?

Ngayon, napakalapit na ng pagdating ng Panginoo, ang pagdating ng kahatulan, tinatawag Niya ang Kaniyang hinirang at tinitipon sila sa isang pakikipag-isa sa Kaniya, taglay ang parehong uri ng lingkurang tinaglay Niya. Alam ninyo kung papano kong hinugis dito sa mga kapanahunan ng iglesia, di pa katagalan, ang tungkol sa - ang malaking toreng itinayo, na nag tawag ay piramide, ngunit hindi naipatong doon ang pangulong bato. Natatandaan ninyo kung paanong dumating ang mga Lutheran, pagkatapos ay ang mga Wesleyan naman sa minorya, at hanggang sa Pentecostes. At ngayon, ang ginagawa Niya at tumatawag Siya mula riyan. Ano'ng ginagawa Niya? Tinawag Niyang palabas ang hinirang upang mabuo ang mga Lutheran; tinawag Niya ang hinirang palabas sa Lutheran upang buuin ang mga Wesleyan; tinawag Niya ang hinirang upang buuin ang mga Pentecostal; ngayon naman ay tinatawag Niya ang mga hinirang na Pentecostal upang ipasok dito sa pangulong bato, ang kaparehong-kaparehong uri ng lingkuran, na papatong dito, tinatawag ang Kaniyang mga anak mula sa lahat ng mga denominasyon at lahat ng kalakaran ng buhay.

99 Ano nga ba ang nagawa Niya? Naglagay Siya sa kanila ng isang tunay na tagapagturo, mga tunay na propetang nananatili sa Kaniyang Salita, ang Biblia. " Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig," sabi ni Jesus. Kung iyon ang Tinig Niya noon, iyon pa rin ang Tinig Niya ngayon. Anumang bagay na taliwas sa Tinig na iyan ay hindi pagkain ng tupa. Hindi nila ito susundin. Oh, kapatid. Mula sa silangan, sa kanluran, sa lahat ng denominasyon, mula sa lahat ng organisasyon, nagsidating sila mula sa silangan at kanluran, nagkatipon.

Kasalo natin Hari ng Langit

Sa dulo ng paglalakbay.

Mukha Niya'y pagmamasdan

Puspos ng kaluwalhatian;

Nobya Niyang pinagpala

Kapiling kailan pa man.

Si Jesus ay magbabalik,

Hirap ay magwawakas. (Aleluia.)

Anong ligaya kung narito na Siya.

Bayan Niya'y lalaya na.

Puspos ng kagalakan

Iglesiang nagbabantay

Sa Kaniyang pagbabalik

Sasalubong tayo sa Kaniya. (Opo, Aleluia)

100 Ano ito? May tagapagturong sinugo ng Diyos na mananatili ng tapat sa Salita sa tunay na iglesia, hindi lilihis kaunti man kahit ano pa ang sabihin ng organisasyon; hindi sila konektado rito. Mga propeta; hindi mga pakunwaring nananampalataya, na naturingan, bagkus ay isang tunay na propetang taglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, at laging tamang-tama sa tuwina. Iyan ang isinugo Niya sa Kaniyang

iglesia. Iyan ang sinabi Niyang gagawin Niya. Sinasampalatayanan ang Salita; hindi ang kredo, hindi ang dogma, kundi ang Salita . . . At sa pamamagitan ng paggawa nito, ipinakikita Niya ang Sarili Niya sa kanila sa pamamagitan ng pagpapatunay sa Kaniyang Salita, muling ipinamumuhay ang dating buhay na minsan Niyang ipinamuhay, isinakatuparan ang Sarili Niyang Salita. Ay, naku.

101 Makinig kayong maigi. Ang sabi ng I Corinto 4:20, ang Kaharian ng Diyos ay ang Salita Niyang naging kapangyarihan. Kung nais n'yong isulat iyan, sa I Corinto 4:20. Ang Kaharian ng Diyos ay ang Salita ng Diyos na naging kapangyarihan. Ano ba ang Kaharian ng Diyos? Ito'y nasa iyong kalooban. At kapag pumasok doon ang Salita, ano ang pinasisimulan ng Salitang ito? Nagiging kapangyarihan ito, sinasabi Nito kung ano talaga ang sinabi Nito.

Hindi mo maaaring sabihing "Ganito ang sabi Nito; ganito ang sabi Nito," at pagkatapos ay pagaganahin mo ito. Kailangan ay sasabihin no kung ano ang sinasabi Nito. Iyan ang tinatawag na pangungumpisal. Hindi lang pagsasabing, "Buweno, medyo pinuno ito nang kaunti rito, at magkakaroon ako ng higit na karunungan, mas maganda ang magiging lagay ko kung dito ako."

Manatili kayo sa Salita. Ganiyan nga. Kita n'yo? Nagiging kapangyarihan ito, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon at magpakailan man." Sinabi ni Jesus sa San Juan 14:12, "Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita ay mananatili sa inyo." Hindi, ipagpaumanhin ninyo, hindi pala ganun ang pagkakasabi Niya. Ang sabi Niya, "Ang sinumang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita ay mananatili sa inyo, maaari ninyong hilingin anumang naisin ninyo at ipagkakaloob sa inyo. Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita ay mananatili sa inyo. . . "

102 Ano ito? Kailangan mong pumanig sa Salita, hayaan mong mamatay ka sa iyong sarili. Sa paniwala ko ay marami sa atin, mga kaibigan, ang nakatanggap na ng Espiritu Santo, ngunit sapat lang ang Espiritu Santong natanggap natin upang hindi na tayo makapagsinungaling, ayaw na nating magnakaw, ayaw na nating gumawa ng anumang bagay. Ngunit nais puspusin ng Diyos ang bawa't himaymay ng Kaniyang iglesia; nais Niyang puspusin ang bawa't kaliit-liitang bahagi mo, upang gawin kang lubusan, ganap na patay na sa iyong sarili o sa iyong kaisipan, gayon na lamang ang pagsuko mo sa Diyos hanggang sa ang Salita Niya ay naipapamuhay sa pamamagitan mo. Wala ka nang iba pang nalalaman kundi ang Salita ng Diyos; manatili ka lang sa Kaniyang Salita; Ito'y Buhay. "Ang Aking Salita ay Buhay," ang sabi ni Jesus. Inilagay Niya sa kanila, ang mga gurong naniniwala sa Biblia, mga propetang nangungusap ng katotohanan, na nangungusap, nagpapakita ng kaparehong hula, gaya ng ginagawa nila sa buong kapanahunang nagdaan. Ano ang ginawa Niya? Ipinakikita Niyang buhay Siya sa kalagitnaan nila, pinatutunayan ang Kaniyang Salita. Ang Kaniyang Salita, ang Kaharian ng Diyos na naging kapangyarihan.

103 Habang ang mga denominasyong ito ay nananalig sa makataong pangangatwiran, sa mga makataong pangangatwiran . . . Makinig kayong maigi ngayon. Sila'y . . . Hindi dapat tayo nananalig sa makataong pangangatwiran. Sa Mga Kawikaan, ikatlong kabanata, talatang 5, ang sabi, "Huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan." Kita n'yo? Huwag mong gagawin iyan, kahit ano pa ang tingin mo sa Salita ng Diyos. Sasabihin mo, "Buweno, parang pareho rin naman kung ganito."

Hindi ganiyan iyan, Salita ito ng Diyos; tanggapin mo kung paano Niya Itong sinalita. Ang sabi ni Eva . . . Ang sabi ni Satanas kay Eva, "Alam kong sinabi iyan ng Diyos ngunit hindi naman talaga ganiyan ang ibig Niyang sabihin. Ganito ang ibig sabihin niyan."

At pinaniwalaan naman niya. Pinaniwalaan niya. Iyon ang sumira ng pagkakaisa; iyon ang sumira ng samahan; iyon ang sumira ng buklod; iyon ang sumira sa sanlibutan; iyon ang sumira sa buhay; iyon ang sumira sa lahat ng bagay.

At ang taong magdududa sa isang Salita ng Salita ng Diyos, sinisira niya ang buong samahan at lahat na. tama. Sinasampalatayanan natin Ito o hindi nantin Ito sinasampalatayanan. Manatili tayong tapat Dito. Iyan ang sabi ng Diyos, at manatli tayong tapat Dito. Napakarami kong kailangang lampasan dito dahil lagpas na tayo sa oras.

104 Gaya noong mga nagdaang panahon, sa mga nagdaang panahon kapag ginawa ito ng tao, dinadala nito ang kahatulan ng Diyos sa sanlibutan. Kita n'yo ? Oh, ang tunay na pakikiisa sa Kaniya ay lulutang sa kahatulan, sa ibabaw nito, gaya ng nangyari kay Noe sa kahatulang iyon kasama ang kaniyang pamilya. Ang matuwid na si Noe sampu ng kaniyang pamilya ay pumaimbabaw sa mga kahatulan. Ano'ng ginawa nila? Nagtungo sila . . .

Brother Lee Vayle, kung sakaling mapasakamay mo Ito, ito na iyon. Diyan lang sa tanong na iyan tayo hindi nagkasundo; ang paniwala niya ay dadaan ang iglesia sa kahatulan. Hindi ko makita iyan. Hindi ko pinaniniwalaan iyan. 196 Hindi dumaan si Noe sa anumang kahatulan; umibabaw siya sa kahatulan. Hndi nakaranas ang apoy si Abraham; nasa labas siya ng apoy. Hindi nakasama ang Israel sa mga kahatulang dumating sa Israel; naibukod ito sa apoy, sa labas ng mga kahatulan. Lulutang din ang iglesia

sa ibabaw ng mga kahatulan sa Daong ng Espiritu Santo, aangat sa lupa.

105 Itong konseho ng mga Iglesia ay dili't iba kundi isang - isang kilusan ng mga dalagang mangmang, upang maiwan dito sa lupa upang pahirapan sila ng anticristo. Ngunit ang tunay na iglesia ng Diyos ay lulutang na kagaya ng nangyari kay Noe, at magtutuloy sila sa Langit singtiyak ng pagkakatayo ko rito. Kaya tinitipon na Niya sila. Iyan ang ipinangungusap ng Tinig ngayon. Iyan ang ginagawa ng Diyos, tinitipon Niya ang isa mula sa Los Angeles, at isa sa Philadelphia, at isa sa Georgia, at sa iba pa, tinitipon Niya sila, ang Kaniyang bayan na handang sumampalataya sa Salita ng Diyos na buhay. "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe, gayon din ang magaganap sa pagparito ng Anak ng tao, kung saan ay kakaunti ang naligtas, kakaunti lang." Tama, ang Espiritu Santong Daong natin ay lulutang lang sa ibabaw ng mga kahatulan ng Diyos, sapagkat nahatulan na tayo, nang ipahayag natin si Jesus, at inalis na Niya ang ating kahatulan.

106 Ang mga denominasyong ito, gayon na, ay masyadong matitigas ang ulo, para silang si Eva: nais niya ng karunungan kahit ano pa ang sinasabi ng Salita ng Diyos. Nais ni Nimrod ng kaniyang tore, kahit ano pa ang mangyari, Iskriptural man iyon o hindi. Matatalino sila. Alam ni Eva ang mas tama. Alam ni Seth na hindi dapat mahalina sa mga naggagandahang babaeng iyon. Alam ng Israel na hindi sila dapat lumabas doon at makiapid. Gayon ka rin naman. Ngunit ang iba ay talagang napakatigas - ng ulo, Iskriptural man o hindi. "Purihin ang Diyos, ang aking ina ay Presbyterian. Magiging Presbyterian din ako." Humayo ka, humayo ka, iyan na lang ang maaari mong gawin kung gayon. Kahabagan nawa ng Diyos ang makasalanan mong kaluluwa. Paano ninyo itong matatakasan, kung alam ninyong ito'y katotohanan? At kung nakikita mo na ang Salita ng Diyos, at ipapalagay mo pa ring hindi ito Katotohanan, kung gayon ay may mali sa iyong espirituwal na pang-unawa. Tama nga. Tumingin kayo sa buong bansa at tingnan n'yo kung saan nagaganap ang mga bagay na ito. Nasa huling panahon na tayo, mga kaibigan. Hindi ba't katatapos pa lang nating pag-aralan ang mga kapanahunan ng Iglesia at alam na natin kung ano'ng mangyayari sa Kapanahunan ng iglesiang Laodicea? Hindi ba't katatapos pa lang nating talakayin iyan? Nakikita ba ninyo kung ano'ng gusto kong sabihin? Nasa huling araw na tayo.

107 Tinitipon na ng Diyos ang mga hinirang mula sa apat na hangin ng lupa. Sinabi Niyang magsusugo Siya ng mga anghel upang tipunin sila. Tama ba? Titipunin nila sila, ihihiwalay sila sa mga pangsirang damo. Amen. Susunugin ang mga pangsirang damo, hindi ang trigo. Tama.

Ngunit napakatitigas ng kanilang mga ulo; mangyari man iyon sa kanila o hindi, walang kaibahan iyon sa kanila. Oh. Ngunit ang mga hinirang ng Diyos ay inutusang magsilabas sa kanila. "Humiwalay kayo," ang sabi ng Diyos, "at tatanggapin Ko kayo. Huwag ninyong hihipuin ang kanilang mga makasanlibutang bagay, at Ako'y magiging Ama, o Diyos, sa inyo, at kayo'y magiging mga anak Kong lalaki't babae. Huwag kayong makikipamatok sa mga di mananampalataya, bagkus ay magsilabas kayo." Ang nais ng Diyos ay ang paghiwalay sa sanlibutan. Nais Niyang makipag-isa sa iyo, Siya mismo. At walang anumang gawang-taong pamamaraan ng organisasyon, denominasyon, o anumang teoriyang gawang-tao ang makatatagal. Kakailanganin ang Diyos, ang Espiritu Santong nasa iyo upang pagkaisahin kayo ng Diyos.

At paano mong malalamang nakuha mo na Iyon? Ang Espiritu Santong sumulat ng Salita ay magpapatotoo sa bawat Salita; at ang mga gawang ginawa ng Espritu Santo sa Lumang Tipan, ay gagawin din nito sa Bagong Tipan: gagawin din Nito ang mga iyon ngayon, sapagkat si Jesus Cristo ay Siya ring kahapon, ngayon at magpakailan man. At hindi kayo napapamatukang kasama ng organisasyon at ng sanlibutan. Hindi kayo napamamatukang kasama nila. Huwag kayong makipamatok sa kanila, bagkus ay magsilabas kayo sa kanila. Nakapamatok kayo kay Cristo, nakapamatok sa Panginoong Jesus Cristo.

108 Ang sabi ng Biblia, sa huling mga araw ay magsisilitaw ang mga iglesia, isa na namang tore ng Babel; magkakaroon sila ng anyo ng kabanalan, at tatanggihan nila ang Salita at kapangyarihan ng Diyos, ang kapangyarihan ng Kaniyang Salita. At ano ba ang Salita? Ano ba ang Kaharian ng Diyos? Kailangan muna nating maging bahagi ng Kaharian bago tayo maging mga sakop ng Hari. Ilan ba ang nakaaalam niyan, magsabi kayo ng "Amen." [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen." - Ed.] Buweno, paano ba kayong makapapasok sa Kaharian? Ang Kaharian ng Diyos ay ang Salita ng Diyos na naging kapangyarihan (Amen.), naging kapangyarihan, nag-aalis ng kasalanan, nagbibigay ng mga tanda. Ano'ng uri ng mga tanda? Kung iyon ang Salitang naglabas kay Moises, magdadala ito sa kaparehong tanda.

Ang bagay ding iyon na nagbukod sa maligamgam na si Lot . . . Ngayon, alam nating maligamgam si Lot, at sinabi ni Jesus na iyan ang tanda ng huling panahon. Si Lot na maligamgam na nakaupo roon, relihiyoso siya, siyanga, siya at ang kaniyang asawa. At kasali sila sa lahat ng uri ng kasiyahan, at siya ang alkalde ng bayan, at, oh, napakaraming bagay ang nagaganap. Napakarelihiyoso niya. Kaya niyang pasayahin ang mga Ebanghelista at lahat ng iba pang nagsisidaan, maayos siya pagdating sa mga ganitong bagay. Ngunit, oh, kapatid, hindi siya ang hinirang.

109 Tingnan n'yo kung ano ang nangyari. Bakit? Ang Diyos na nagbukod at dumating kay Abraham at nagpakita sa kaniya ng bindikasyon ng kaniyang pagkakabukod . . . Hm. O Diyos. Sana'y magawa kong -

sana ay magawa kong dumako sa isang bagay para maipakita ko ito sa inyo. 205 Ipinakita ng Diyos kay Abraham, dahil ibinukod niya ang kaniyang sarili ipinakita Niya sa kaniya ang bindikasyon nito, na kasama niya Siya at nasa piling Niya siya. At sinabi ni Jesus na mangyari rin ang mga bagay na ito sa huling araw. Hindi isang bayan si Abraham; kabilang siya sa minorya; ngunit kasama niya ang Diyos. Ibinukod na Niya siya noon. Kailangan nating ibukod ang sarili natin sa huling araw na ito.

At kung nagbigay ang Diyos ng isang tanda kay Moises, sa Israel, isang pinahirang propeta, isang Haliging Apoy, binigyan Niya ng tanda si Abraham . . . Bi - binigyan Niya ng tanda ang Israel. Binigyan Niya ng tanda ang mga alagad: Iisang tanda, sa bawat pagkakataon, iisang tanda. Haliging Apoy. Si Pablo nang patungo siya sa Damascus, may nagliwanag na Haliging Apoy sa kaniyang harapan, binulag pa nga siya Nito, ibinuwal siya Nito at napaluhod siya. Walang ibang nakakita Nito. Lahat ng taong nakatayo sa paligid, hindi nila Iyon nakita. At may tinig na nagsabi, "Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?"

Ang sabi niya, "Panginoon, Sino Ka?"

Ang sabi Niya, "Ako si Jesus." Isang tanda. . . At ano nga ba siya? Apostol ng mga Hentil. Amen.

110 Heto na tayo sa huling panahon, mula sa silangan at kanluran, hilaga at timog. Ano'ng ginagawa natin? Naghahanda para sa pag-agaw, naghahanda para sa - pinatitigil ang iyong sarili sa loob ng ilang sandali hanggang sa ang bawat hibla ay mapuspos ng Espiritu Santo. At aakyat na siya. Ay, naku. Pinagsasama-sama ang Kaniyang bayan sa Kaniyang Sarili sa isang tunay na pakikipag-isa sa Kaniyang Sarili, sapagkat ito'y ang Kaniyang iisang Espiritu Santo. "Sa iisang Espiritu ay isa-isa tayong nangabautismuhan sa iisang katawan, sa kabuuan, ang katawan ni Jesus Cristo." At si Jesus Cristo na nabubuhay sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa ating laman ay naglilingkod sa iglesia at gumagawa ng mga kaparehong bagay na ginawa Niya bilang i - isang tanda, bilang isang insignia sa buong buong mundo, na nasa huling mga araw na tayo, naghahanda para sa pag-agaw. Oh, mahal ko Siya, hindi n'yo ba Siya mahal"

111 Isang aklat pa ang hawak ko rito, ngunit sadyang hindi ko na ito maaaring ipagpatuloy; huli na tayo masyado. Marahil ay itutuloy na lang natin ito sa ibang pagkakataon.

Nasa dulo na tayo. Pakikipag-isa . . . Kayo ba'y lubos nang kaisa ng Diyos? Kailangang magkaganiyan ka. Siyanga. Kakailanganing makipag-isa tayo sa Kaniya hanggang sa . . . Hayaan n'yong ang kaisipang na kay Cristo ay mapasainyo. At si Cristo, ang Sarili Niyang kaisipan ay sa inyo ay makakikilala sa bawat Salitang isinulat Niya. Iyon ang nangyari sa mga apostol, sa wastong pagpuputul-putol ng mga kasulatan, na siyang Katotohanan (Kita n'yo?), ang Espiritu Santo. Kung ito'y Katotohanan, patototohanan Niya Ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaparehong tandang ibinigay Niya kay Moises, ang kaparehong tandang ibinigay Niya kay Abraham, ang kaparehong tandang ginawa Niya sa pamamagitan ni Cristo, ang kaparehong tandang ginawa Niya kay Pablo. Nasa huling panahon na tayo. Sinabi Niyang magkakagayon.

Nasa huling panahon na tayo. Ang iglesia ay sama-samang nagbubuklod sa isang pakikipag-isa, isa rito at isa roon, binubuo ang . . . Ang sabi Niya, "May dalawa sa bukid, kukunin Ko ang isa." Isa . . . Tingnan n'yo, "Dalawa sa bukid," ibig sabihn ay araw, tag-ani, "Kukunin Ko ang isa at iiwan Ko ang isa. May dalawa sa higaan," sa kabilang panig ng mundo, "Kukunin Ko ang isa. May dalawa sa higaan," sa kabilang panig ng mundo, "Kukunin Ko ang isa at iiwan Ko ang isa," sa pagdating ng Anak ng tao. At napakalapit na nito, napipinto nang maganap.

112 Huwag. Huwag, Adan. Adan. Eva, Adan, hayaan n'yong manawagan ako sa inyo; huwag na kayong maniniwala sa kasinungalingan ng Diablo. Manatili kayo sa Salita ng Diyos; Ito'y ITO ANG SINABI NG PANGINOON. Manatili kayo sa Kanyang Salita. Ang humiwalay Dito ay nangangahulugan ng pagsira ng pakikisama mo sa Diyos, ng pakikipag-isa ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At kung sinasabi mong nasa iyo na ang Espiritu Santo at hindi ito umaayon sa Salita, kung gayon ay hindi ka kaisa ng Diyos.

Ito ang pakikipag-isa ng Diyos, kapag ika'y - ang - ang espiritung nasa iyo ay umaayon sa Salita, at nagpapahayag sa Salitang ito at ginagawa ang Salitang ito na isang kapangyarihan upang kumilos Ito nang katulad ng dati Nitong pagkilos.

Sabay-sabay nating sabihin. Ang pakikipagkaisa. [Nagsabi ang kongregasyon, "Ang pakikipagkaisa" - Ed.] sa Diyos ["sa Diyos'] ay ang pagkakaroon ["ay ang pagkakaroon"] ng Espiritu ng Diyos ["ng Espiritu ng Diyos"] sa inyong kalooban ["sa inyong kalooban"] umaayon ["umaayon"] sa Salita ["sa Salita"] sa buong Salita ["sa buong Salita"] sa kabuuan ng Salita ["sa kabuuan ng Salita"] at upang ito ["at upang ito"] ay maipamalas ["maipamalas"] sa kapangyarihan ["sa kapangyarihan"]. 216 Hayan; iyan ang pakikipag-isa sa Diyos. Kapag ang kapangyarihang iyan ay gumana sa akin, gumana sa iyo, magkakaisa tayo. Amen. Brother Kidd, kapag ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na nasa akin ay gumana sa iyo, walang di pagkakasundo, naroon kasi ang Salita. Gumagana ito. Amen. Iyon na nga iyon: Ang Diyos ay nahayag sa laman sa iyo sa pamamagintan ng Kaniyang Salita, ang Salita ay nagiging kapangyarihan sa

inyo, bawat Salita.

113 Ngayon alalahanin n'yo, kinukuha ng Diablo ang malaking bahagi ng Salitang iyan, halos ay siyamnapu't siyam at siyamnapu't siyam na porsiyento Nito. Siyamnapu't siyam na bahagi ng isandaang bahagi at siyamnapu't siyam na porsiyento ng sandaang bahagi, ay gagawin niyang tamang-tama, ngunit bigla siyang lilihis dito, at iyan na nga ang nagiging dahilan ng kamatayan. Iyan ang papatid sa kadena sa pinakagitna; laglag ka na.

Bawat Salita. Ano'ng sinabi ni Jesus? "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita." Hindi sa ilang Salita lamang ng Diyos siya mabubuhay, hindi sa siyamnapu't siyam at siyamnapu't siyam na porsiyento ng Salita ng Diyos. Kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos, Diyan mabubuhay ang tao. Dinala Siya ni Satanas noon sa itaas at ang sabi, "Nasusulat." Kita n'yo, gaya nang sabihin niya kay Eva, "Nasusulat. Nasusulat."

Sinabin ni Jesus, "Nasusulat din naman . . . "

Ang sabi niya, "Nasusulat, 'Pababantayan ka Niya sa Kaniyang mga Anghel' iyan ang sabi ng Biblia." Aba, isa siyang iskolar. "Nasusulat, 'Pababantayan ka Niya sa Kaniyang mga anghel sakaling matisod ka sa bato, at ililipad ka nila." 221 Ang sabi Niya, "Nasusulat din naman, 'Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon Mong Diyos."

114 Ang sabi nila, "May Kasulatan kami," sa Mga Gawa 19, "Binautismuhan na kami ni Juan."

Iba na ang dala ni Pablo; ang sabi niya, "hindi na iyan maaari ngayon." Kita n'yo? "Nagbaustismo si Juan . . . " Hindi niya pinagdudahan ang salita ni Juan. Ang sabi niya, "Sasabihin ko sa inyo kung ano'ng sinabi ni Juan. Ang sabi ni Juan ay nagbabautismo siya tungo sa pagsisisi, hindi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan." Hindi pa napapatay ang Hain. Kita n'yo? Ang sabi niya, "nagbautismo siya tungo sa pagsisisi, na nagsasabing kailangan ninyong sumampalataya sa Kanya na darating." At nang marinig nila iyon, nagpabautismo sila sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Ipinatong ni Pablo ang kamay niya sa mga taong puspos na puspos ng Salita, at dumating sa kanila ang Espiritu Santo. Nagsimula silang manghula, magsalita ng iba't-ibang wika, dakilain ang Diyos, at napakagandang pagkakataon niyon. Ay, naku. Gaano nga ba kalaki ang iglesiang iyon? Labindalawa. Oh, siyanga. Oh, hindi nakikitungo ang Diyos sa malalaking bilang; nakikitungo siya sa mga pusong tapat. Gayon sana ang mga puso natin. Mahal ba ninyo Siya? Manalangin tayo.

115 Oh, mahal kong taong lagalag, tumingin ka ba sa mga anak na babae ng Moab o nakita mo na ba ang mga anak na babae (ang tinutukoy ko ay ang mga iglesia.) ni Cain, kung gaano na sila nalihis sa Salita? Napansin mo ba, mahal kong kaibigan, napansin mo na ba sa mga huling araw na ang mga bagay na ito ay kailangang mangyari? Napapansin mo ba nitong mga nakaraang araw kung paanong ang Salita ng Diyos ay naipamalas, kung paanong ang revival na minsang dumating dito ay tumatahimik na, bahagya na lamang ang natitira? Ano iyon? Isa itong pagtahimik bago dumating ang utos. Nakahanda na ang mga kahatulan. Napapansin mo ba ang mga bagay na ito? Napaghambinghambing mo na ba ang Kasulatan, ang mga Salita ng Biblia, ang mga katibayan? Naihambing mo na ba ang mga pananalita ni Jesus tungkol sa sinabi Niyang ang Diablo sa mga huling araw ay magiging hawig sa totoong bagay, hanggang sa posibleng madaya biyang lahat maliban sa mga hinirang, Yaong Hinirang. Pakaisipin n'yo, na ang Iskriptural na aral ay magiging napakalapit. "Oh, naniniwala rin kami sa Espiritu Santo; purihin ang Diyos magpakailan man. Nasa amin ang Espiritu Santo; nagsasalita kami ng mga wika." Pagkatapos ay babaling at itatanggi ang Salita? Siyanga. Dadayain pati na ang hinirang kung maaari . . .

116 Kung mayroong isa rito na hindi tama ang kaugnayan niya sa Diyos, kung mayroong isa rito na maysakit at may karamdaman . . .May mga panyo at iba pang mga bagay na nakalapag dito; pananalanginan ko ang mga ito. Kahit ano pa ang pangangailangan mo. Lahat ng pangako sa Aklat ay iyo. Ito'y sa iyo. Ngayon, dinala ko sa inyo ang Salita, dinala ko Ito mula sa Genesis hanggang sa araw na ito na kinabubuhayan natin, inisa isa kong talakayin ang mga iyon at naipakita ko sa inyo. Daan-daan pang ibang dako ang maaari kong talakayin liban sa mga iyon, wala akong oras.

Ngunit tiyak naman, diyan pa lang, makikita ninyong ang organisasyon ay hindi kabilang. Isa itong hidwang kaisipan ng Diablo, pinilit gawing organisasyon ang mga tao sa pamamagitan ng pagkakaisa ng kanilang sariling diwa at isipan. Samantalang ang Espiritu Santo ang Siyang tunay na nagbubuklod sa atin sa Diyos. At ang Espiritu Santo ay sumasang-ayon sa Salita ng Diyos. Kita n'yo, ang sabi ng Biblia . . . Sinabi ni Jesus na ipahahayag pa nga nila ito, kita n'yo, "Dadayain pati na ang hinirang kung maaari." Nakikita ba ninyo kung saan tayo nakatayo?

117 Ngayon, hawakan n'yo ang Salita ng Diyos na ito ang kamay ng pananampalataya. Ano ba ang pangangailangan ninyo sa umagang ito? Kailangan mo bang mabautismuhan sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo? Bukas ang tangke ng tubig. Kailangan mo ba ang kagalingan? Aba, ang Espiritu Santo mismo, ang Salitang naging kapangyarihan, ay naririto ngayon, ang mismong kapangyarihan ng pagkaunawa na nakatingin sa tagapakinig ngayon dito at nakikita ang Liwanag na iyon na umiikot na parang isang

luningning. May sinabi na ba ako sa inyong mali? Nagawa ko na ba iyon?

Ga - gaya ng sabi ng propeta sa Israel bago sila magkaroon ng haring halal ng tao, ang sabi niya, "May sinabi na ba ako sa inyo . . .Kinunan ko na ba kayo ng salapi? Naparito na ba ako at namalimos ng salapi sa inyo at - at nagpagala-gala at tumira sa naglalakihang palasyo at nagpatayo ng mga naglalakihang mga moog at kinunan kayo ng salapi? Nanghingi na ba ako sa inyo kahit diyes sentimos? "Hindi kailan man."

May sinabi na ba ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi tinupad ng Diyos? Nangusap na ba ako sa Kaniyang Ngalan ng bagay na hindi nagkatotoo? Nagsabi na ba ako sa inyo ng pangitaing nakita ko na sa gma tagapakinig maliban sa tinindigan ng tao, dayuhan man o anuman siya, at sinabi niyang, "Katotohanan iyan"? May sinabi na ba ako sa inyong mali? Kung gayon ay hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ngayon, ITO ANG SABI NG PANGINOON, tanggapin ninyo ang Espiritu Santo, ang Espiritung maglalagay sa Salita ng Diyos sa mga kamay ng pananampalataya, kikilos patungo riyan. Ang buong Kaharian ay sa inyo. Sa inyo ito, mga anak.

118 Bakit nanggaling pa kayo sa Georgia, tumawid ng bansa, mula sa Ohio, mula sa Kansas, sa lahat ng dako para lang dumalo sa isang munting pagtitipon? Palagay ko'y patay na ang tape, kaya't maaari ko nang sabihin ito. Kita n'yo? Bakit kayo nagsisiparitong gaya nito? Ano'ng nagbubunsod sa inyo upang gawin ito? Ano ito? May nakikita akong mga tao rito na tagaArkansas, daan-daang milya ang pinaggalingan.

Kagabi, pagkagaling ko sa Kansas City, may isang kapatid na Polish na nakatayo roon sa likuran, dumating siya, inakay ako, ang sabi, "Brother Branham, mula nang una kitang mabalitaan doon sa Canada maraming taon na ang nakalipas, ang mga bagay na nakita mong mangyari, sinuri kong maigi ang mga iyon, pabalik-balik at taas at baba," at ang sabi, "Walang mali sa isa man sa mga iyon." Marahil ay isa siyang Catolicong Polish, at heto siya't dala-dala ang mga tape, humahayo at pinatutugtog ang mga iyon, hinaharap ang mga kalaban, mga ministrong dapat sana'y kasama ko at tumutulong sa atin, ngunit itinatanggi nila ang kapangyarihan nito, itinatanggi ang Katotohanan ng Salita at nag-aangking taglay nila ang Espiritu Santo.

Hindi ko tinawag na propeta ang sarili ko kailan man. Kayo ang nagsasabi niyan. Ngunit kung totoo iyan, saan ba nagmula ang Salita ng Panginoon? Paano nating malalaman kung totoo ito o hindi malibang may magpatibay nito? Iyan ay Salita ng Diyos, ang Salitang nasulat. At kung ang Salitang iyan, ginagawang totoo ang Salita. Ang sabi ni Pablo, "Sundin ninyo ako habang sinusunod ko si Cristo."

119 Ngayon, kung nangangailangan kayo sa Diyos para sa inyong sakit, para sa kaligtasan, ano . . . o alisin . . . Ang ilan sa inyong mga kababaihan na walang taglay na sapat na biyaya upang magpahaba ng buhok, ang ilan sa inyong mga kalalakihan na walang taglay na sapat na biyaya upang tigilan ang paninigarilyo, ang ilan sa inyong mga mangangaral na walang taglay na sapat na biyaya upang tanggapin ang katotohanan ng bautismo sa tubig sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ang ilan sa inyo na may sakit na may karamdaman at ang sakit ninyo'y nakamamatay, bait hindi ninyo tanggapin ang Salitang ito sa umagang ito. Sasabihin ko na sa inyo ngayon; naging laman na ito sa piling natin. Kunin mo ang Salitang iyan sa iyong kamay.

Narito't nakasabit sa pader ang litrato ng Anghel ng Panginoon, yaon ding umakay sa mga anak ni Israel, Yaon ding sumalubong kay Pablo, Yaon ding nakay Cristo. At ang Siya ring Espiritu Santo ay nasa inyo, nasa inyo, pinagkakaisa kayo. Ano ba ang nagbubuklod sa ating mga puso mula sa daandaang milya ang layo? Walang tulad nito sa buong bansa. Pumaparito sila sa Salita.

120 "Mayroong bukal na puspos ng Dugo, sa ugat ni Jesus nagbuhat, makasalanang lulusong ay malilinisan. Nang ang agos ay matuklas, Sa Iyong sugatang laman, pag-ibig Mo'y di nawalay, magpakailan pa man."

121 Makalangit naming Ama, nakalapag dito ang isang bunton ng mga panyo, mga guwantes; marahil ay ipadadala sa koreo ang mga ito. Hindi ko alam kung paano at sino ang naglagay ng mga ito rito, marahil ay si Billy. Marahil ay ang mga taong naririto ngayon at nakikinig. Nadama kong gawin ito ngayon, Panginoon. Walang anumang bagay ang aking mga kamay, walang anumang nasa akin bilang tao. Hindi ako nananalig sa sarili kong makataong pagkaunawa. Hindi ko maunawaan kung bakit ganito ito, ngunit sinusunod ko lang ang sabi Mo. "Kinuha nila mula sa katawan ni Pablo, ang mga panyo at panapi, at nagsilayas ang mga masasamang espiritu sa mga tao." Hindi dahil isa siyang dakilang tao; kundi dahil kasama niya ang Diyos sa Salita at kapangyarihan. At hindi niya kinunsulta ang mga apostol, ngunit natuklasan niya nang magpanagpo sila na iisang Ebanghelyo, iisang anyo ng bautismo, iisa ang lahat ng ginagawa nila, mata sa mata, magkakapareho.

122 Ngayon, hinihiling ko po, Panginoon, alang-alang sa mga minamahal na mga taong ito na nagsisisampalataya sa Iyo, na pagalingin Mo sila, Panginoon. Ang mga nasa tagapakinig, pagalingin Mo po sila, Panginoon. Nawa'y tumaas ang pananampalataya nila at maabot nila ang Salita ngayon din, at

magawa nawa nilang sabihin, "Tumor, karamdaman, kasamaan, makabubuting umalis ka na; nananaga ako sa pamamagitan ng Tabak ng Diyos. Sumasampalataya ako. Malakas ang aking pananampalataya; ibinabaon ko nang malalim ang Tabak. Umalis ka sa aking daraanan. Tatayo ako mula sa aking pagkakaupo upang gumaling." Ipinapatong ko ang aking kamay sa aking ama, sa aking kapatid na babae, at sa aking anak, sa aking kabitbahay. Sumasampalataya ako. Ang Salita Mo ay katotohanan. Nakikipag-isa ako sa Iyo. Ang mga gawang sinabi Mong ginawa Mo, ay magagawa rin naman namin. Panginoong Diyos, sumasampalataya ako sa bawat Salita. At ako'y susulong, susulong upang angkinin ito, upang damputin ko ito sa umagang ito."

123 O Diyos, iniisip ko nang ang iglesia ay sumusulong pa, nang bahagyang matakot si Moises doon sa may dagat, nagsimula siyang umiyak sa Panginoon. At sinabi ng Panginoon, "Bakit ka umiiyak sa Akin? Ano't umiiyak ka sa Akin? Magsalita ka at sumulong. Hindi ba't inutusan kita upang gawin mo ito? Mangusap ka." Mangusap ng ano? Ang Salita ng Diyos na nasa iyo. "Magsalita ka at sumulong. Huwag kang iiyak sa Akin. Sumulong ka."

At, Panginoong Diyos, sa araw na ito ay naparito ako sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Naparito akong hawak ang Tabak ng pananampalataya, inaangking ang kaisahan ng Diyos at tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng kahabagan at sakripisyo ni Jesus Cristo na Kaniyang Anak. Hinahamon ko ang bawat diablong gumagapos sa mga tao sa anumang paraan sa loob ng gusaling ito, maging siya man ay isang batang lalaki o batang babae, lalaki o babae. Hinahamon ko ang bawat sakit. Hinahamon ko ang lahat ng pag-aalinlangan. Hinahamon ko ang lahat ng takot. Hinahamon ko ang lahat ng bagay na masama; lisanin ninyo ang tagapakinig sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Lumabas kayo sa tagapakinig na ito, nang sa gayo'y magawa naming makipag-isa sa Diyos at maglingkod sa Diyos ng walang karamdaman o pangamba man. Nawa ang kapangyarihang nagbuklod sa amin sa Diyos . . . Paanong magagawa ng Diablo ang magmalaki sa tabi ng pinahiran? Paanong magagawa ng Diablo ang tumayo riyan at magmalaking parang si Goliath? Samantalang pumaroon si David sa kampamento, at nagsabi, "Ibig ninyong sabihin, pinababayaan ninyo ang di tuling Filisteong iyan na tumayo riyan at hamunin ang mga hukbo ng Diyos na buhay?"

O Diyos, hayaan mong magbangon ang mga lalaki't babae sa kapangyarihan ng Espiritu. Hahayaan ba ninyong ang makasalanan, ang itinakwil ng diablo na namerhuwisyo sa sangkatauhan sa mga kapanahunang nagdaan, na tumayo rito at hamunin ang iglesia ng Diyos na buhay? Satanas, lumayas ka, umalis ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo?

124 Ngayon, kayo na may sapat na lakas upang hawakan ang Tabak, ngayon at sapat na ang kaunawaan ninyong taglay sa Salita ng Diyos upang magawa ninyong angkinin Ito bilang personal ninyong pag-aari, kayo na makatatangan sa Salita ng Diyos sa inyong mga kamay, itaas ninyo iyan sa kamay ng pananampalataya, at sabihin n'yo, "Pumapanig ako ngayon sa Panginoon. Makikipag-isa ako sa aking Diyos mula ngayon. Hahawakan ko ang Tabak na ito ng Espiritu na siyang Salita, at tatagpasin ko ang Diablo hanggang makamit ko ang lahat ng ipinangako ng Diyos sa akin."

Kung sinasampalatayanan ninyo iyan nang taos sa inyong puso, hinihiling ko sa inyo nang buong katapatan, taos sa aking puso, sa Pangalan ni Jesus Cristo, magsitayo kayo at tanggapin ninyo ito. Gusto ba talaga ninyong gawin iyan? Tapat ba kayo? Nasa kamay nga ba ninyo ang Salita? Ang kamay ba ninyo ang inyong pananampalataya? Itaas ninyong pisikal na kamay sa Diyos at sabihin ninyo, "Diyos, sa pamamagitan nito, sa pamamagitan ng nakataas na kamay ko ay ipinapanata ko ang buong buhay ko. Ipinapanata ko ang buong buhay ko. Ipinapanata ko ang aking kaluluwa; ipinapanata ko ang aking pagiisip; ipinapanata ko ang lahat ng bagay sa Salita ng Diyos. Hayaan Mong kunin ng Espiritu Santo ang aking pananampalataya ngayon at ipagkaloob sa akin ang bagay na iyon. Tagpasin Mo lahat ng alinlangan sa akin. At sa pamamagitan ng pananampalataya ay tinatanggap ko ang pangakong hiling ko sa pagkakataong ito . . . ?, . . .

Kung naniniwala kayo, sabihin n'yo, "Amen." [Nagsabi ang kongregasyno ng, "Amen." - Ed.] sabihin n'yo uli, "Amen." Amen at amen at amen. At kung taos iyan sa inyong puso, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinangangako kong matatanggap ninyo ang inyong kahilingan. Amen. Sampalatayanan ninyo nang taos sa inyong puso. Pagpalain kayo ng Diyos. Brother Neville.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7